

©HQQ2018
https://mytravelalone.blogspot.com

LAUNCH OF THE INDIGENOUS PEOPLES HUMAN RIGHTS OBSERVATORY

December 12-14, 2018
NATRIPAL Training Center
Bancao-Bancao, Puerto Princesa City



PALAWAN ISLAND PARTNERSHIP MECHANISM

This proprietary document is provided to selected entities and individuals on an unsolicited, private and confidential basis, solely as a basis for discussing certain concepts. Unless expressly authorized by the Commission on Human Rights, its reproduction and dissemination is prohibited.

CHR: Dignity of all.


Documented by:
Hannal Q. Quinsay
©2019

WORKSHOP AND LAUNCH OF THE INDIGENOUS PEOPLES HUMAN RIGHTS OBSERVATORY PALAWAN ISLAND PARTNERSHIP MECHANISM



**December 12-14, 2018
NATRIPAL Training Center
Bancao-Bancao, Puerto Princesa City**

The contract signing is between NATRIPAL (Nagkakaisang Tribo ng Palawan) headed by NATRIPAL President, Mr. John Mart M. Salunday (left) and the Commission on Human Rights (CHR) headed by the Human Rights Center Management Office (HRCMO) Director Renante A. Basas, M.D. (right)

The signing has been witnessed by Atty. Jesus G. Torres (standing from the outmost left) and other NATRIPAL Officials and/or Board of Directors (standing at the back). The said contract is about the agreement between NATRIPAL and CHR with regard to the Indigenous Peoples' Human Rights Observatory (IPHRO) which is, a) to track the rights and implementation of all the laws that are for IPs; b) monitor the enjoyment of the IPs' rights vis-à-vis with the human rights violations; and lastly; c) have the data bank wherein any information on IPs will be stored, with the cooperation of the NCIP and NATRIPAL.

ENVIRONMENT SETTING



The first part of the program pertains to the local operation of NATRIPAL wherein the federation members will report on their updates. This will also give the opportunity for the local partners to share information and updates on the studies they are currently working in the community. This part will lead to the federation's planning towards the end of the program.

However, selected participants from the IP children and IP women will be in a separate room for research and survey activity. There were previous researches among the IP groups in three (3) other areas like Bukidnon, Samar, and Negros Occidental. All researches and studies done by the CHR Centers will also be shared to the federation as well as in the local IP communities.

The second part of the program is the workshop wherein the IPHRO will be introduced. It was the result of the IP Inquiry last 2017. It was attended by sixty six (66) IP Groups nationwide.

It is noted that there are many cross-sectional issues and different sectors involved among the IP communities. This is one of the reasons why IPHRO has been established by CHR. The IPHRO is a systematic mechanism that links between the IPS (Indigenous Political Structures), the Indigenous Cultural Communities (ICCs), and other government agencies or the so-called the duty-bearers. These groups will join forces to monitor all kinds of IP activities in order to come up with the evidence-based reporting.

It is evidence-based reporting to avoid the so-called "hearsay." Cases will be documented and can be tracked-down for follow-ups to take appropriate actions on the complaints. A database system is needed for the IPHRO. The information can be readily accessed anytime via internet.

The question of "*who will keep the data and what kind of information is to be shown?*" has not yet been decided; that is why a workshop is included in the program. However, the CHR has the following suggestions:

- a) that each tribe or IPS should have a database system included in their IPS; and;
- b) that each tribe should form or create a strong "*mediation-reconciliation*" system included in the IPS.

In short, the CHR will help in bridging gaps and to form a permanent mechanism in resolving conflicts within the IP community.

Area /Coverage: 24 Municipalities/ City* and 433 Barangays in Palawan namely:

1. Aborlan –19 Barangays
2. Agutaya – 10 Barangays
3. Araceli – 13 Barangays
4. Balabac – 20 Barangays
5. Bataraza – 22 Barangays
6. Brooke’s Point – 18 Barangays
7. Busuanga – 14 Barangays
8. Cagayancillo – 12 Barangays
9. Coron – 23 Barangays
10. Culion – 14 Barangays
11. Cuyo – 17 Barangays
12. Dumarán – 16 Barangays
13. El Nido – 18 Barangays
14. Kalayaan – 1 Barangays
15. Linapacan – 10 Barangays
16. Magsaysay – 11 Barangays
17. Narra – 23 Barangays
18. Puerto Princesa* – 66 Barangays
19. Quezon – 14 Barangays
20. Rizal – 11 Barangays
21. Roxas – 31 Barangays
22. San Vicente – 10 Barangays
23. Sofronio Española – 9 Barangays
24. Taytay – 31 Barangays

INDIGENOUS PEOPLES' RITUAL “PANAWAG”



**IPMR Rodolfo “Amay Ompong” S. Rodrigo
Orangkaya of Tagbanua
Brgy. Cabayugan, Puerto Princesa Palawan**

One of the IP Elders lead the IP ritual called “Panawag” which is usually done during harvest season. The IP calls their God for good harvest and in the same manner the IP Elder calls their God for the good outcome of the event.

Further, he consecrated the NATRIPAL President John Mart M. Salunday for the benefit of the organization as well as the seven (7) IP groups located in Palawan. Orangkaya “Amay Ompong” welcomes the assistance and support from other organizations for the gains of all IP Communities in Palawan.

WELCOME SPEECH



Mr. John Mart M. Salunday
NATRIPAL President

Magandang Hapon po sa lahat at sa ating mga katuwang upang maisakatuparan ang ating ika-47th Annual Meeting ng Nagkakaisang Tribo ng Palawan (NATRIPAL). Salamat po sa CHR, Tebtebba, Zoological Society of London, at sa lahat ng ating mga kababayan at mga Katutubo na mula pa sa South, North at Central Palawan.

Ako po ay natutuwa dahil ngayon ay Disyembre na naman, Pasko at sumapit na naman ang ating Pangkalahatang Pagpupulong. Kami po ngayon ay mag-uulat ng aming mga nagawa sa loob ng isang taon, gayun din po ang ating mga nasa lokal na pamayanan.

Ako rin po ay natutuwa dahil kasama po natin ngayon [*ang mga kasangga natin*] ang mga nagtataguyod hindi lamang para sa karapatan ng mga Katutubo kundi ang Karapatan ng buong Tao sa pangunguna ni Doc Basas, Atty. Jess, Roy at ng buong taga-CHR na nandito. Salamat sa inyo sa walang sawang pag-tulong sa aming mga karapatan.

Sa mga Elders na iilan na lamang ngayon na kasama pa ng aking Ama [si Father Arman] sa pag-buo ng ating organisasyon. Salamat po sa inyo na kayo ay matatag at hanggang ngayon ay sumusuporta sa ating samahan.

Sa mga kababaihan na ilaw ng tahanan, salamat sa pag-bibigay ng inyong panahon. Isinama na rin po natin ang mga kabataan upang mai-mulat na sakanila ang ating mga "*simulain*" o ang ating mga ipinaglalaban base sa ating mga kultura at mga karapatan bilang isang tribo.

Salamat po sa inyong lahat at isang maka-kalikasang pag-bati sa inyong lahat.

CHR INTRODUCTION



Dir. Renante A. Basas, M.D.
Director HRCMO

Magandang Hapon sa ating lahat. Binabati ko po kayo sa inyong 47th Annual Meeting. Congratulations po!

Alam na po ba ng lahat kung ano ang Komisyon ng Karapatang Pantao? (Commission on Human Rights). Ito po ay isang Pambansang Institusyon na nangangalaga at nagtataguyod ng mga karapatang pantao ng lahat ng Pilipino at kasama rito ang mga karapatang pantao ng lahat ng mga Katutubo.

Isa sa mahahalagang mga mandato ng Komisyon ay ang pag-i-imbestiga sa mga paglabag sa mga karapatang pantao ayon sa CPR (Civil Political Rights) at ESCR (Economic Socio Cultural Rights).

Ikalawa, nagbibigay rin po ang CHR ng tulong pinansyal at legal sa mga ina-abuso ang mga karapatang pantao.

Ikatlo, ang CHR ay nagtataguyod ng Edukasyon tungkol sa karapatang pantao.

Ikapat, kami po ay bumibisita sa mga kulungan sa buong Pilipinas para tingnan kung ano ang kalagayan ng mga kapatid natin na naka-kulong. Titingnan ang kanilang kondisyon kung ito ay naaayon sa mga karapatang pantao.

Noong 2016 ang Komisyon ay nagtatag ng isang opisina para matutukan ang mga kababayan natin na nasa laylayan ng lipunan (marginalized groups). Ang tawag dito ay Human Right Center Management Office (HRCMO) at ito ay mayroong apat na centers: a) Child Rights Center; b) Center for Gender Equality and Women Human Rights; c) Economics Social and Cultural Rights (ESCR) Center; and lastly d) Center for Crisis Conflict and Humanitarian Protection.

Ang mga usapin ng mga Katutubo ay napapaloob sa ESCR na pinangungunahan at pinamumunuan ni Atty. Jess. Samantalang ang Child Rights Center ay

pinamumunuan ni Atty. Jill. Wala po dito ang head ng Gender and Women ang kasama po namin ay si Ms. Jay. Wala rin po dito ang mga taga-Crisis Center dahil ang focus po nito ay sa mga IDPs (Internally Displaced Persons) na gawa ng mga kalamidad o ng g'yera.

Ang opisina po ng CHR ay nandoon sa UP Diliman. At mula sa opisina namin ang buong team ng CHR ay nandito ngayon. Si Aileen at Arman ay mula sa aming Finance, si Frances mula sa Policy Office, si James at Malou po ay ang naka-talaga sa Region IV-B (MIMAROPA), at may kasama kaming tatlong (3) documenter, sila Jowie, Fatima at Hannah para mabigyan ng aksyon ang mapag-uusapan dito.

Ang CHR po ay mayroong labinlimang (15) Regional Offices at limang (5) sub-offices sa buong bansa. At ang una po namin na pinagtuunan ng pansin ay ang mga concerns ng mga Katutubo. Kaya simula noong 2016 si Atty. Jess at ang mga Komisyoner at nag-plano kung papano bibigyan ng mga karampatang tulong at aksyon ang mga issues and concerns ng mga Katutubo. Ito ay ginawa sa pamamagitan ng National Inquiry at ito ay dahil sa tulong ng aming Konsultant na si Roy Cabonegro.

Si Roy ang mag-sasalita upang malaman ninyo ang tungkol sa IP Human Rights Observatory (IPHRO) na ito ay para rin sa inyong kabutihan.

Maraming salamat po sa inyong pakikinig.

HOUSE RULES and PRESENTATION of 2017 NATRIPAL's GENERAL ASSEMBLY



The participants were grouped into three (3): North (Roxas to Taytay), South (Narra, to Quezon) and Central (Puerto to Aborlan). They were all assigned to do the daily task; e.g. serving food, cleaning and arranging the hall, cooking, dishwashing, etc. Each group has its own team leader.

The participants were requested to stay in one place and listen to the presentation. The facilitator emphasizes that CHR can help them with their issues and concern, as well as other government agencies; therefore everyone's cooperation is requested.

The NATRIPAL Secretary presented their updates and two (2) of the participants approved the minutes of the meeting with no objection. *(See annex for full report.)*



**Mr. Rodante R. Luquisan
NATRIPAL BOT/SECRETARY**

ZSL-Philippines Palawan Office Pangolin “*Manis Culionensis*” Project



**Ms. Chai M. Apale
Project Manager**

Introduction

Maraming Salamat po sa NATRIPAL sa pagbibigay ng oportunidad upang ipakilala ang aming proyekto. Ang organisasyon po namin ay ang ZSL-Philippines (Zoological Society of London-Philippines). Ang aming mga coordinators ay galing rin po ng Palawan.

Ang ZSL ay mula po sa London na itinayo noong 1800 pa at may mga proyekto sa iba't ibang bansa kasama na po ang Pilipinas. Kami po ay may opisina sa Ilo-Ilo na nagsimula pa noong 2010. Mayroon rin po kaming mga opisina sa Cebu at Tuguegarao. Sa kasalukuyan ay mayroon po kaming 42 staff at iba't ibang mga proyekto.

Nagsimula pa noong 1998 ang mga proyekto namin sa Pilipinas at ang mga ito ay:

- Community-based Marine Protected Area – *assisted about 32 MPAs particularly in Bohol*
- Fresh-water Habitat Management – *in Tuguegarao*
- Livelihood Assistance – *seaweed farming*
- NetWorks – *discarded nets converted into carpet tiles (recycling materials)*
- CoMSCA – *community-managed savings association*
- Community-based Mangrove Rehabilitation
- Freshwater eel conservation – *“Palos” in Luzon*
- Seahorse conservation – *“Kabayong Dagat”*
- Pangolin “*Balintong*” local Conservation Area

Ang pinaka-dahilan po kung bakit kami nandito ngayon sa Palawan ay dahil sa *Balintong*. Ito po ay mayroong walong (8) species sa buong mundo; ang apat (4) ay nasa Asia at ang apat (4) ay nasa Africa.

Ang isa na mula sa Asia ay makikita sa Pilipinas at ito ay sa Palawan lamang. Sa lahat ng nasa Asia, ang *Balintong* natin ay walang masyadong nakalap na impormasyon ang mga dalubhasa.

Kaya po kami nandito ngayon dahil kailangan namin ang inyong suporta. Ang una po naming gagawin ay mangangalap ng survey sa mga kabahayan sa buong Palawan. Ang desisyon po kung gaano po kalawak ang magiging conservation area ay manggagaling sa komunidad.



Ms. Darleen Coroña
Project Coordinator

Ms. Darleen is from Puerto Princesa and the following points have been discussed:

- Presented the map of Palawan wherein areas and location has already been identified
- More than 100 barangays has been covered, with around 1,00 houses to be interviewed
- Pilot interviews started in Puerto Princesa, to determine whether the questionnaires are correct

STRATEGY and METHODOLOGY

- Household interviews – consists of Social demographic information, detectability and local ecological knowledge
- Key Informant Interview (KII)

Survey Materials and Sample Questions

- Tablet – with Online Data Klip (ODK)
- Sample questions:
 - ✓ Pumupunta ba kayo sa inyong natural na barangay o kagubatan halimbawa kabakhawan, palm, etc.? Oo o Hinde?
 - ✓ Kasarian? Edad? Etnisidad? Pinagkakakitaan? Ilan kayo sa bahay?

- Detectability – gaano kayo ka-pamilyar sa inyong lugar? Gaano kayo katagal sa inyong lugar? Ano ang ginagawa n’yo? etc.
- Local Ecological Knowledge – magpapakita ng ilang larawan ng mga hayo at itatanong kung kayo ay pamilyar dito? Ano ang local na tawag? Ito ba ay nakikita sa inyong barangay? Anong taon? buwan? Gaano kadalas? Sa inyong kaalaman kailangan bang protektahan ang hayop na ito? Etc.

Ano ang gagawin sa resultang makukuha galing sa pag-aaral?

- Makatutulong ito sa distribosyon ng Pangolin o Balintong sa buong Palawan
- Makatutulong ito sa pag-priority ng area para maproteksyunan ang hayop na ito, na dito lamang makikita sa Palawan

Ms. Chai: Kami po ay hihingi ng suhestyon ninyo kung papaano kami makaka-hingi ng pormal na proseso ninyo upang maka-punta kami sa inyong mga barangay.

OPEN FORUM

Participant: Nalaktawan ang isang barangay, doon nagmula ang Balintong.

Ms. Chai: Nakipag-coordinate po kami sa Katala Foundation at iba rin po kami sa Sabin para hindi ma-duplicate ang aming ginagawa.

Ms. Darleen: Ang ginawa po namin ay random lamang na mga lugar kaya hindi pa namin alam kung itong lugar ba na ito ay mayroong mga Pangolin. Kung sinasabi n’yo pong mayroong doon sa isang barangay ay p’wede po kaming magkaroon ng KII.

Participant: May pumasok na ibang grupo sa isang barangay namin. Hinarang namin dahil hindi sila nag-paalam sa amin.

Ms. Chai: Kaya po kami nandito upang magpakilala muna po kami sa inyo at malaman kung ano ang mga proseso na dapat naming gawin. Kumuha rin po kami ng mga permit sa NCIP, DENR at sa iba pang mga ahensya at pumupunta po kami sa areas para sa mga traditional issues n’yo po para hindi mangyari sa amin ang ginawa ng ibang grupo.

Participant: Mga grupo po ito nila Sabin, pero protect the wildlife rin po ang ginagawa nila at kasama ang Pangolin sa research nila. Ibang areas rin po ang na-mention sa inyo.

Ms. Darleen: Ang sisiguraduhin po namin na ang lahat ng gagawin po namin ay ipag-papaalam namin sa mga kinaukulan upang maging legal at sa tamang proseso. Sa ngayon po ay survey lamang muna po kami.

Participant: Marami sa amin dati ngayon ay wala na.

Ms. Chai: Kausapin ko po kayo mamaya.

Participant: Ang sabi n'yo po nag-survey na po kayo pero sa North ay wala pa. Ano ang assurance namin na ang mga Katutubo ay maprotektahan rin sa mga survey na gagawin n'yo? Dahil nandoon ang mga pangalan at edad namin.

Ms. Darleen: Ang usapin po ng Pangolin dito sa Palawan ay mainit sa ngayon kaya po para ma-protektahan po kayo. Hindi po kami magtatanong ng pangalan. Nagsisimula lamang po kami sa edad at kasarian.

Ms. Chai: Wala pa po kaming ginawang survey. Practice pa lamang po ang ginawa namin. Hindi rin po kami magkakaroon ng picture during the interview. May confidentiality po tayo, kahit po kami ay hindi namin malalaman kung sino.

Participant, Brgy. Maasin: Hindi rin po nabanggit ang aming barangay. Ano po ba ang kahalagahan ng Balintong at bakit kailangan maprotektahan?

Ms. Chai: Ito po ay parang isang endorser ng sabon para mabenta ang isang conservation. Ang kinakain po n'ya ay mga anay at langgam. Parte po s'ya ng isang ecosystem. Galing rin po na ibang mga researchers sila ay nawawala na sa ngayon at tumataas ang tinawag natin na illegal trade. Hindi lamang po dapat ang Pangolin ang dapat nating protektahan kundi ang iba pang mga may buhay.

Participant, Brgy. Maasin: Tinanong ko po ito dahil noon ay marami sa amin ngayon ay wala na dahil kinukuha ng mga tao. Ano ba dapat ang gagawin kapag may nakitang nanghuhuli?

Ms. Chai: Sa ngayon po may tinatawag tayong Wildlife Law at sila ay hinuhuli ng mga Pulis at mga taga-DENR. Pero sa tingin ko po sa ngayon ang problema natin ay ang illegal trading at isa ito osa malaking problema aside from the extinction.

Participant, Roxas: Kinagisnan ko po sa aming kultura na ang hayop na 'yan ay kinakain namin. Papano kami papo-protektahan kung kinakain namin ang hayop na 'yan?

Ms. Chai: Sa ngayon hindi ko po alam ang sagot. Kaya lamang po kami nandito ngayon ay para malaman kung nasaan ang mga Pangolin, saan sila makikita at ano ang mga dahilan at bakit nawawala sila. Next year po ay magtatawag po siguro kami ng mga Stakeholders para mag-tulong tulong mag-desisyon kung saan dapat mag-establish ng local conservation area. Ito lamang po ang paraan para ma-protektahan natin sila.

Ms. Darleen: Ang pagkain n'yo po bilang isang kinagisnang kultura ay inirerespeto po namin. Ang malaking pagtutuunan namin ng pansin ay ang malakihang trading.

Participant, Brgy. Pisiw: Gusto kong malaman kung kayo ay mayroong kinakabit na mga aparato?

Ms. Chai: Isang organisasyon po ‘yun na tinatawag na IUTM. Nagpulung-pulong po ang mga grupo ng mga researchers sa Europe at ang isang paraan na nakita nila para ma-monitor ang mga Pangolin ay ang paglalagay ng mga camera trap. Ang Katala Foundation at ang Protect Wildlife ay naglagay ng mga camera dahil parte po ‘yan ng kanilang research. Sa amin rin po baka mag-set up rin po kami pero ipapaalam naman rin po namin ito sa inyo.

Ms. Dadison: Kaya nga po nandito sila para mag-aral at mag-research ay para ma-protektahan natin ang Balintong. Sila ang mga tutulong sa atin. Kung may makita tayong dalawa (2) huwag na natin itong huliin para dumami pa sila. Ang ibang mga lider po sa ibang lugar maaring hindi sila naka-dalo sa mga meetings kaya nagkaroon ng mga isyu na hindi nila nalaman.

Ang Sabin po ay katulad rin ng Katala Foundation na humingi rin ng mga requirements. Naglagay na rin sila ng mga camera trap para makita kung nasaan ang mga Balintong. Dahil sa mahal ng bentahan ngayon ng Balintong ito ay nauubos na. Pero nabulabog na rin ang mga illegal na nanghuhuli at ako rin po ay natutuwa dito.

Ang layunin ng NATRIPAL ay ang protektahan natin ang ating mga lupaing ninuno. Kayo po ba ay nagpo-protekta ng mga lupaing ninuno? Baka po sa halagang P500 kayo ay nag-benta na at pumirma na sa mga mining companies. Hindi po ito ang layunin ng ating pederasyon.



(See Annex for Municipality/Barangay with existing Pangolin)

NATRIPAL Reporting on the Situation of IPs in Palawan (Local NATRIPAL members)



The Leaders of the the federation were asked to report and given five (5) minutes. One of the participants requested that the NATRIPAL Board of Trustees to be seated in front to listen to all the issues and concerns of each reporting group.

Mga Tanong:

- 1) Anu-ano ang naging proyekto ng mga samahan?
- 2) Anu-ano ang mga pagsasanay na nilahukan?
- 3) Anu-ano ang mga naging problema sa samahan? Paano ito naresolba?
- 4) Saan o kanino nakikipag-ugnayan na ahensya?
- 5) Anu-ano ang mga rekomendasyon para sa Federation?
- 6) Anu-ano ang mga plano ng samahan?

Federation's Report

Group	Active	Not Active	Activities	Problems	Remarks
Samahan ng mga Tagbanua	101	42	planting trees and Napier grass	kakulangan sa pondo para isagawa ang mga proyekto	nakikipag-ugnayan sa barangay, municipal at provincial kailangan ng livelihood sa pag-alaga ng kambing
SKTM – Mariwara Narra	20	12	Handicraft, NGP contract of 50hec, pag-aalaga ng mga hayop, 5,000 cacao planting	Pagpapatawag ng meeting ECAN Law (?)	Soon to build small stores Cap building from DENR, DA, etc. Asking advices from NGOs A need for IPRA law to implement
SIKAP – San Vicente	80	150	Day care center, reforestation	Walang pagkakaisa ang miyembro ng grupo, pagbebenta ng CADT	Attended team building Pinatatawag sa hall ngunit hindi dumadalo Humingi ng pondo sa munisipyo para sa pagsasa-ayos ng multi-purpose hall
Nagtabgu	64	10	Tribal hall, ADSDPP, NGP	Nag-hati ang grupo, naging CFBMP ang iba (community)	Magulo pa rin ang grupo

Group	Active	Not Active	Activities	Problems	Remarks
				forest-based management program)	Umabot na sa Munisipyo ang kaso para i-resolba Need for livelihood
Yabasis – Yakal	32	32		Hindi sumusunod sa batas ng mga Katutubo, pagbebenta ng mga lupa	Hindi masolusyunan dahil hindi tumutugon ang mga ahensya
Samahan ng mga Cunoy sa Mainit	20	80	almasiga	Watak watak na samahan Pagkasira ng kabundukan	Kanya-kanyang problema at dumudulog sa CHR
MRGTI – Maasin Quezon	200	45	Nagtatanim ng cacao	Problema sa Milan CADT awarded pero hindi pa na-rehistro Pagpasok ng hindi Katutubo	Ipinatawag sa zoning ng DENR Nakipag-ugnayan na sa NGOs, DENR, NATRIPAL Apo Tilya for 9years in Politics – hindi pina-award ang mga CADT sa Katutubo
Brgy. Isugo	30	20	Patubig (salin-tubig), Honey processing center	Walang survey ang CADT No FPIC pero nag-punta ang Gov. sinabing proyekto nila ang patubig doon kalsada	Nagpadala na ng sulat kay Mayor at Governor para magkaroon ng kalsada Tribal Hall ay wala pang pondo galing sa LGU
Tagbanua sa Pangkol	70	52	Kalabaw, water pump, babuyan galing sa NCIP, mga binhi para sa magsasaka	Pagpasok ng mga dayuhan sa loob ng ancestral domain Mahinang pag-unlad ng komunidad Hindi hawak ang libro ng banko	Naka-attend sa mga farmers training ng DENR, DA Magbigay ng orientation ang NATRIPAL upang malaman ang tungkulin ng mga miyembro – kailangan ng leadership training Matulungan sanang mapalaki ang pera at ibangko
Tinig ng Katutubo sa Kabayugan	2,550	450	Niyog, banca, livelihood sa mga farming Kita sa Sabang Water Falls	Mga hindi pagkakaunawaan at hindi pagkakaisa minsan Magkaroon ng	Pinaghahatian ang kita para sa buong komunidad Nakadalo sa cultural heritage seminar, tour

Group	Active	Not Active	Activities	Problems	Remarks
				ADSDPP	guiding, UNDP, etc. Mayroong P500T kita sa kanilang proyekto
Brgy. Linga – San Vicente	58	42	Walang proyekto maliban sa mga bigay ng LGU	Pagpasok ng mga dayuhan Irigasyon	Matulungan sana sa pag-proseso ng CADT Mayroon ng mga plano na brgy. hall
SAMAKANABA –Napsan at Bagumbayan, Sitio Sto Niño	500	200	Tribal Hall Yantok (soon)	CADT squatter, mountain quarry na walang paalam	Naka-attend sa paralegal, human rights, etc. Wala pang solusyon
Samahan ng Tagbanua sa Sagpangan	30	80	Nagtatanim ng mga seedlings at honey	Problema sa MOA Mega Dam – hindi pinapansin ng mga elders, pangangahoy at hinuhuli Wata-watak na samahan Bentahan ng lupa	Matulungan sa pag-hanap ng pondo at magpatakbo ng proyekto ADSDPP ay hindi pa naisama sa LGU kaya ang ayaw isama sa water system ang mga Katutubo Parusahan ang mga elders na nagse-certify sa bentahan ng lupa
Tagbanua sa San Talab, Sitio Lantay - Brgy Napsan	350	52	Gardening, bookkeeping, capacity building, CADT education, pagtuturo ng IP culture	Mga lumipat ng miyembro sa Pulang Lupa Illegal quarry Pagbebenta ng lupa sa CADT	Nakatanggap ng seedling at mga gamit sa gardening
SAKAIBU	56	96	NGP, baboy, honey	Walang CADT	Naka-dalo sa GAD training
SKBN	120	30	IP teachers para sa DepEd, abaka	Ang DENR ay nag-punta sa amin para sabihin na Indigenous Cultural Conservation Area daw ang aming lugar	Tulungan sa permit ng abaka, magkaroon ng tribal hall, livelihood, at pag-proseso ng CADT
SAKPI	50	550	Pag-aalaga ng kalabaw	Hindi pagkakaisa ng samahan Pagbebenta ng kalabaw na hindi alam kung saan napunta ang benta	Namatay na ang mga kalabaw Tapos na ang ADSPP
SASTI – Amay Teliong	30	20		Application sa CADT Kaso sa korte	Sumunod dapat sa FPIC

Group	Active	Not Active	Activities	Problems	Remarks
Ugong	35	32	NCIP help – swine raising	CADT – ayaw paniwalaan na sila ang may ari Kulang ang kooperasyon ng mga miyembro Pangamba sa pangunguha ng yantok – takot umakyat ng bundok Children's education	Bisitahin sana kami ng NATRIPAL Sana mai-angat ang kabuhayan at kaalaman ng mga Katutubo Naghahanap-buhay ng legal pero mapanganib sa bundok Kailangan ng lote para sa tribal hall
KGTP - Brgy. Roxas	28	48	Abaca, bakahan	Walang magandang ugnayan sa grupo Mga namatay na elders dahil sa tubig na marumi	Umaasa na magkaroon ng malinis na tubig inumin Missionaries ang tumutulong at mayroon ALS program
STTP – Brgy. Baras Taytay	60	36	wala	Hindi magkaintindihan ang samahan	DiLG training
Samahan ng mga Katutubong Tagbanua sa Gogonan	20	30	Pagtatanim ng puno sa water shed Pag-gawa ng turmeric tea, ginger tea at banana cake May mga proyekto mula sa USAID	Mga tumitiwalag sa grupo	Independent group – hindi na hawak ng NATRIPAL *** Bigyan ng suporta at i-market ang mga produkto
Satrika – Puerto	52	52	Mayroong permit sa almaciga at ratan	RUP (resource use plan) Rough road	Huwag mag-sawa na tumulong sa kapwa Katutubo Edukasyon at pangkabuhayan para sa samahan
Note: Five more presenters left (was not able to cover – late night presentation.) Mr. Roy Cabonegro had an initial presentation					

Other notes:

- Hoping for more funds to help the organization and must be accessed by everyone
- Hoping that the Board Members will be able to visit each group in their own cluster

- Create a directory for the group and to ask help from the right group/persons
- Huwag umasa, umupo lamang at mag-hintay ng pondo para sa organisasyon, kumilos at makipag-usap sa mga ahensya upang ilahad ang mga kailangang tulong
- Maging responsableng leader; ilapit sa tamang paraan ang mga kailangan ng komunidad at sumunod lamang sa proseso
- Mahirap, magastos, at minsan tumulong ka na sisiraan ka pa
- Mag-punta sa ibang lugar ng Katutubo at bigyang pansin ang mga yamang kalisakasan – *i-appreciate ang ibang lugar na pinamamahalaan ng iba pang mga Katutubo*
- Tumulong ang mga mayayamang organisasyon sa mga mahihirap na ibang grupo
- ***Paglilinaw – kasama pa rin sa Federation ng NATRIPAL bagamat walang pondong maibigay para sa mga proyekto

Board of Trustees' Updates

Pahapyaw lamang po para sa BoT (Board of Trustees) Report. Nagkaroon ng limang (5) meetings para sa buong taon ng 2018. Nakipag-usap rin po sa mga partners ang NATRIPAL at nag-attend sa mga Conferences. Ang isa sa ating IPMR (Aborlan) ay miyembro ng ECAN kaya naka-subaybay rin tayo dito.



Sec. Luquisan

Issues and Concerns:

- Ang Aborlan ang napag-iiwanan sa lahat ng bayan dahil sa hindi matapos ng kalsada simula ng East going to West. Hindi rin ito madaluyan ng kuryente pero sa 2019 ay naka-plano na ito na lagyan at magiging 100% na may ilaw na.
- Sagpangan Mega Dam issues – vs. NIA (National Irrigation Administration), still are pending in the court for violations.
- Apurawan Illegal road construction
- Iraan vs CIFMA
- Alimanguan Court Case re: Kaingin – 6 katao ang naiwan na hindi pa nakapag-counter affidavit
- Issue on Oil Palm in whole Palawan area
- Lion Heart Issue – in Ransang
- NPA tagging – from San Vicente and Taytay
- Issues in 3 CADC areas: San Rafael, Babuyan, Maoyon
- Brooke's Point vs. Mining
- MRST re: break-away-groups
- Awarding of CADTs
- On-going processing of CADT in Brooke's Point
- IP Celebration along West Coast of Aborlan

(See Annex for full report)

Partner's Message: Balitaan... Kwentuhan... Update...

Message of Atty. Nesario G. Awat Representative of the Mayor

Magandang Umaga po sa inyong lahat. Tatlo po ang dahilan ng aking pag-punta dito: Una, ako po ang ipinadala ng City Mayor para mag-present dito; Pangalawa, bilang isang miyembro ng City Council; at Pangatlo, bilang isang Area Manager ng Tanggapang Pan-legal ng mga Katutubong Pilipino.



City Councilor

Binabati ko po kayo sa inyong 47th Pangkalahatang Pagpupulong. Napakahaba na talaga ang kasaysayan ng NATRIPAL. Kasama pa ako sa nagsimula nito sa lalawigan ng Palawan at ang lugar na ito noon ay pangarap lamang pero ngayon ito ay pag-aari na ng NATRIPAL. Ako pa ang nag-notaryo ng Deed of Sale nito.

Salamat at ako ang ipinadala ni Mayor Lucilo R. Bayron para mag-represent. Maraming problema ang lungsod ng Puerto Princesa at may budget itong P2.2B. Ngunit P1.5M lamang ang lumabas para 2018 and probably for 2019. Ito ay ipinalabas base sa isang Ordinansa noon ako ay nanalo bilang isang Konsehal para sa pagpapalakas ng Indigenous Peoples at pag-celebrate ng Indigenous Peoples' Month. Dapat lamang na ibigay ang buget na ito dahil kung lalakas ang mga tao, lalakas rin ang ating gobyerno.

More than 12 years na ang Ordinansa pero walang na-delineate na Ancestral Domain dito sa Puerto Princesa base sa budget ng gobyerno. Mayroong mga gumagalaw pero galing ito sa mga pondo ng mga NGOs. Ang ginawa ko po noong ako ay maka-balik sa Konseho, ang P500T ay ginawa kong budget counter-part ng City Government para magkaroon ng MOA sa mga Indigenous Peoples. Ito po ay ang pag-delineate ng Ancestral Domain sa seven (7) Barangays sa Northern Part ng Puerto Princesa.

Ang counter-part ng NCIP ay ang iba pang gastusin na ayon sa kwenta ay may mahigit na P1.5M. Sinisimulan na po ang proseso at maibibigay na ang titulo sa ating mga kapatid sa Batac, northern part ng Puerto. Ang tseke po ay nasa NCIP na po. Ito po ay base sa budget ng 2017.

Ang budget ng 2018, ay para sa MOA ng mga Katutubong taga Brgy. Marupinas. Tatanungin ko po kayo ngayon para sa aming 2019 budget deliberation kung ano ang

gusto ninyong gawin sa P500T? Mayroon po kaming special session ngayong araw at bago sana ako umalis ay malaman ko.

Ang pangarap po natin ay para sa ating lupaing ninuno. Naniniwala po tayo na ang lupa ay buhay. Kapag nawala ang lupa ng mga Katutubo wala na rin ang kanilang buhay. Suportado po ni Mayor Lucilo Bayron ang ganitong pamamaraan dahil pumipirma po s'ya sa ating budget. Naniniwala po s'ya na ang ancestral domain ay para sa Katutubo at hindi p'wedeng magamit ng iba.

Hindi lamang po ang magkaroon ng ancestral Domain ang gusto natin, inuuna lamang po natin ito; pero ang gusto natin ay ang magkaroon tayo ng ADSDPP sa bawat komunidad.

Sa kasalukuyan parang hindi iginagalang ang mga lupaing ninuno. Ang Km. 35 o Km 37 sa Napsan ay wala raw CADT, sumulat si John Mart sa mga ahensya ng pamahalaan pero walang nagyari. Sumulat muli sa Sangguniang Panglunsod, napa-agenda namin at buti naman ay napunta sa aking Committee. Subalit walang sumisipot kundi ang mga grupo lamang ni John Mart. Pero ang ginawa ko po ay pina-question an hour para mapabilis ang pag-uusap.

Ang sabi ng PENRO ito daw ay valid dahil sa sulat ng PCRRMO (?) tungkol sa sloping area para sa justification ng quarrying. Hindi sila muling sumipot sa pag-uusap at matapos ang ika-apat na Q&A saka pa lamang napa-hinto ang operasyon nila. Ako mismo ang nag-punta sa site at nag-inspection. Bilang isang parte ng Konseho ako po ay suportado ng PENRO at CENRO at napahinto natin ang quarrying. Naniniwala po ako na kung mayroong magdedesisyon sa inyong komunidad kayo ang unang tatanungin dahil iyon ay pasok sa inyong ancestral domain.

Bukod sa ADSDPP, ang isa pang pangarap natin ay ang magkaroon ng *“One Community, One Industry.”* Ang Puerto Princesa ay isang tourist destination at panahon na para ang inyong galing, proyekto at produkto ay ibenta. Tutulungan kayo ng TESDA para sa quality ng inyong non-timber products. Kulang po talaga ang budget, ako po ay kumukuha lamang ng budget sa P1.5M para itulak ang gusto kong mangyari sa ating mga kapatid na Katutubo.

Mayroon po akong pending Livelihood Ordinance sana maipatayo ito bago matapos ang aming termino. Kung ito ay isang ganap na Ordinansa na, kayo ay p'wede ng mangutang ng walang tubo sa City Government. Ang allocation budget po dito base sa aking panukala ay 5% of the City Government budget. Kung tayo ay mayroong P2.2B ang 5% nito ay malaking bagay para sa ating pangka-buhayan. Kung hindi man ibigay ang 5% at ang matuloy ay 2% malaki pa ring bagay ito para sa atin.

Para sa inyong mga proyekto na kinakailangan ng Mayor's Permit na tinatawag na "Locational Clearance" ay humihingi ng requirement na tax declaration o titulo. Ito po ay inamyendahan natin para mapadali ang inyong proseso. Ang kailangan n'yo na lamang ay ang Certification galing sa NCIP na mayroong kayong anking lupaing ninuno sa lugar ninyo. This NCIP Clearance is in lieu of the title or tax declaration.

Gumagawa po ang inyong lingkod bilang miyembro ng Konseho sa Lungsod ng Puerto Princesa para maprotektahan ang ating mga kapatid na Katutubo. Gumawa po kayo ng sulat para dagdagan ang budget na P1.5M para sa taong 2020 para ang budget na ito ay magamit sa ating mga kapatid na Katutubo.

OPEN FORUM

Suggestion, Ricardo Pandinio: Bilang isang IPMR, dapat ang mga dati at bagong halal na mga opisyal ng mga Barangay ay mabigyan ng awareness seminar tungkol sa mga Karapatan ng Katutubo sa ilalim ng IPRA Law.

A: Ang dapat gumalaw po dito ay ang ating Konsehal Nestor A. Saavedra, dahil siya ay may hiwalay na pondo para sa mga Katutubo. Kakausapin ko na lamang po siya para mailagay sa kanyang programa ang Awareness on IPRA. Nasa panukala ko na rin po sa DepEd na isama ang pag-aaral ng IPRA sa mga kabataan para masimulan na maisapuso at igalang nila ang ating mga kapatid na Katutubo (*approved na po ito.*)

Suggestion, Rogelio Limsa: Dapat protektahan ang ancestral domain, lalo na sa mga quarrying na nasa Rizal town na kaawa-awa. Nauubos na ang mga batu-bato sa gilid. Ang betahan ng lupa ay lagapan na rin. Dapat ang IPRA Law ay malaman sana nila at hindi na tuluyang sirain ang aming lupaing ninuno.

A: Mahirap po ang laban kung mahirap ang kalaban natin. Magkaisa tayo para ipakita ang ating lakas. Dapat ay may tatayo para mag-reklamo. Ang abogado at hindi tatayo ng mag-isa kung walang magrereklamo. Ako rin po ay dapat may katuwang sa Lungsod Panlalawigan. Sa mga bilihan ng lupa, dapat may kaparusahan ang bumibili ng lupa base sa ating Civil Code of the Philippines. At kung ito ay walang bisa dapat ibalik ang pera at ang lupa dahil ito ay null and void. Ang sabi ko po sa DAR kapag may bilihan sa lupa na awarded nila na wala pang 10years ay kahit sino dapat ay mag-sampa ng demanda. Subalit sa kasalukuyang umiiral na batas, ang affected lamang ang p'wedeng mag-sampa ng demanda mahihirapan na tayong habulin ang bentahan ng lupa. Pero kung kahit sana sino, o NCIP, o ang komunidad, o ang NGOs ay p'wedeng mag-sampa ng kaso gaganda sana ang ating posisyon. Pero kailangan i-amend ang batas, tayo po ay miyembro lamang ng Konseho. Ang mgagagawa ko po lamang ay ang mag-recommend at maka-gawa ng Resolution to amend the law. Ang ating mga Congressman po ang dapat tumutok dito pero we will awake the Congress to amend the existing law.

Suggestion, Sapdul Guinto, Jr.: Tanong n'yo po kung saan dapat gamitin ang P500T na budget. Sa aking lamang po, tulungan n'yo kaming ma-segregate ang aming CADT. Ang natitirang 4,985 hectares ay ang magiging lupaing ninuno namin. Maraming dumarating na mga migrante sa aming lupain. Dapat sila ay sumunod naman sa aming mga patakaran at mayroong kaming panghahawakang papeles na sila ay migrante lamang.

A: Ang gusto nyo pong mangyari ang P500T budget na para sa 2019 ay idaan sa Napsan, Simpucan at Bagumbayan upang ang problema na 'yan ay maayos? Approved po ba kayo doon? Dahil wala namang tumututol kaya ito po ang sasabihin namin sa hearing.

Complaint, Tatay: Bumisita po kayo sa aming lugar, wala po akong litrato para sa aming CADC, ubos na po ang lupa, tagilid na. Kapitan mismo ang nag-uutos na ubusin ang lupa.

A: Pumunta po kayo sa aking opisina at gagawa po tayo ng sulat para ipaabot sa Philippine Mining and Regulatory Board para sa violations at mapag-usapan.

Q, Norma Francia, Brgy. Cabayugan: Maraming nagbebenta ng mga CADC sa mga Diwan. Pumasok na po sila sa aming lupain, sa Diwan, Sitio Sabang. Hindi kami pinapansin. Ang sabi sa amin hayaan lamang. Dumarami sila at kapag tinanong sila kung sa kanila ang lupa sinsabi nilang "OO." Papano kami matutulungan?

A: Ang CADC ng Cabayugan at Bingit ay kailangan i-convert pa ang CADC to CADT. Ang mga taong nagbebenta ng mga CADC sa batas po ay walang bisa ito. Pumunta po kayo sa aking opisina at gagawa po tayo ng sulat para magpatawag po ng meeting.

Q, Luzviminda, Brgy. Apurawan: Wala kaming pinag-aralan, may ibang tao na nagpapatala at nauubos na ang aming CADT sa West Cost sa Aborlan. Ang aming sementeryo sa Baybay, na noong 1978 pa ay nawawala na. Papano na kami at ang aming sagradong lugar? Ayaw namin ilipat ang aming mga magulang sa ibang sementeryo dahil hindi rin kami sigurado doon.

A: Ang problema n'yo ay sa lupaing ninuno sa Aborlan, dapat hindi ito ibenta. Pumunta po kayo sa aking opisina at gagawa po tayo ng tamang hakbang.

Grievance, Ricardo Pandinio: Walang paalam sa mga Katutubo ang mga ginagawa ng gobryeno na Farm-to-market road.

A: Ganoon rin po ang aking nararamdaman. Itinatanong ko rin kung mayroong mga konsultasyon idaan na lamang po natin ito sa tamang proseso at gagawa po tayo ng sulat para ma-agenda natin ito.

Comment, Dir. Basas CHR: Kami po ay nandito para tumulong sa inyo lalo na sa mga usapin ng mga karapatang pantao ng mga Katutubo. Ang usapin po tungkol sa awareness sa IPRA ay nasabi ko na rin po kahapon na isa sa aming mandato ang mag-bigay ng mga edukasyon. Ang CHR po ay p'wedeng tumulong sa opisina ni

Konsehal Saavedra, upang kami ay mag-provide ng mga resource persons at magkaroon ng edukasyon tungkol sa karapatang pantao at sa IPRA. Ang kailangan natin ay mga tamang impormasyon at totoo.

Remark, John Mart, NATRIPAL: Mayroon pong presentation ang CHR para po sa atin. Ito ay tungkol sa IPHRO na kauna-unahang ilo-launch nila dito sa ating National Assembly at dito sa Palawan. Marami pa po tayong mga kaibigan na magsasalita at pag-bigyan po natin ito.

Note: no power hard to hear the recording, noisy generator, no microphone

Message of Atty. Josefina “Jofi” R. Agusti RHO-NCIP

Magandang umaga po ako ay kinatawan ni Commissioner Roy D. Dabuit. Gusto pong magpasalamat ni Commissioner sa inyong suporta at tiwala sa NCIP. Sa February 2019 ay magtatapos na ang kanyang termino at siya ay babalik na sa kanyang komunidad sa Kalawit. Kung sinuman po ang papalit sa kanya tayo ay patuloy na makipag-ugnayan.



**Regional Hearing
Officer**

UPDATES

- Para sa Rizal at Ransang, noong June-July nagkaroon ng *En Banc* Resolution ang NCIP na panatilihin ang suspension ng Lion Heart. Ang Lion Heart ay nag-appeal sa Court of Appeals pero ang payo namin ay sumunod na lamang sa batas, malinaw na ang desisyon sa pagsang-ayon sa pag-pasok sa mga lupaing ninuno ay wala sa NCIP, sumunod sa mga proseso lalo na ang proseso ng FPIC.
- Ang self-determination ay karapatan ng mga Katutubo at ang NCIP ay magiging gabay lamang ng mga Katatutubo.
- Ang pamunuan ng NCIP ay hindi na napapaloob sa Office of the President. Ito ay inilipat na sa pamamahala ng DSWD (Administrative Supervision under DSWD). Ang sitwasyon o patutunguhan nito ay malalaman sa mga susunod na buwan.
- 2016 huling desisyon ng Supreme Court – ang Quasi Judicial na power ng NCIP ay limitado na lamang sa mga sigalot ng Katutubo vs. Katutubo. Ang magiging benepisyo nito ay ang mas mapalakas ang Customary Law sa mga desisyon ng mga RHO.
- Ang pinaka-bagong kaso na naka-file sa ay December 2017 – at nagkaroon ng desisyon ng November 2018.
- Case 1: Mangyan in Occidental Mindoro. Ito ay tungkol sa COC (Certificate of Confirmation) o Height Waiver. Ang mga Elders doon ay nagreklamo dahil may isang leader na hindi naman pala s’ya kinikilalang IP Leader ng mga Mangyan

ang pumirma ng mga COCs sa mga Pulis na hindi naman mga IPs. Ang pag-pirma sa isang COC ay pagbabahagi ng karapatan bilang isang Katutubo. Ito ay pag-bibigay ng karapatan na makibahagi ang iba sa ancestral domain. Ang mga elders ay nag-desisyon na parusahan ang nagkasala ayon sa customary law. Ang parusang “TIGE” ay ang pagpapakulo ng tubig na may bato at ilalagay ang kamay doon upang malaman kung ang isang tao ay nagsasabi ng totoo. Ang tao ay umaming nagkasala at nag-desisyon ang mga elders na parusahan. Ang parusa: 100 hagupit sa bawat barangay. Samantala ang desisyon ng HRO ay nababatay naman sa makataong pamamaraan.

Binigyan ng RHO ng 2 buwan ang mga elders para mag-desisyon ng bagong kaparusahan. Ang napagkasuduan:

- 1) ipagbawal na mag-representa para sa mga Katutubo;
 - 2) bawal sumama sa pulong ng mg FPIC, pumirma ng COC at iba pa;
 - 3) hindi s’ya p’wedeng maging IPMR, lumahok sa mga pagtitipon na ipinatatawag ng mga gobyerno, NGO at anupamang pagtitipon na ang kinakatawan niya ay Katutubo;
 - 4) mag-punta sa mga elders ng bawat barangay at humingi ng tawad sa loob ng 30 araw; at;
 - 5) gumawa ng affidavit upang sabihin na ang mga naka-tanggap ng COCs ay hindi Katutubo. Ang customary law ay dapat matatag at buo para sa pag-lutas ng mga problema ng bawat Katutubo. Ang RHO desisyon ay nai-pahatid na rin sa PNP upang sila ang mag-desisyon sa kanilang mga opisyaes na nabigyan ng COCs.
- Ang usapin ng Customary Law kapag naihain sa RHO ay hindi kailangan ng isang abogado. Maghanap lamang ng isang maayos na tagapag-salita upag makapag-sampa ng kaso. Ano ang mga kailangan?
 - May malinaw na IPS ang mga Katutubo
 - Ang isang IPS ay dapat may mga desisyon na pinaninindigan
 - Ang isang IPS ay may malinaw na proseso ng pagdedesisyon e.g. Sino ang dapat magdesisyon? Ano ang paraan ng pagdedesisyon? Ito ba ay botohan? Sino ang mga dapat bumoto? Ito ba ay bawat angkan? Dapat ba ay isa lamang sa bawat pamilya? Etc.
 - Case 2: Dumagat in Montalban. Ang Montalban Rizal lamang ang nagkaroon ng IPMR sa loob ng tatlong (3) araw. Ito ay IPMR sa lahat ng barangay at iang IPMR para sa Municipal. Sabay sabay silang umupo at hanggang ngayon ay walang nagrereklamo. Ang unang ginawa nila ay ang “GABAY” tinawag ang “Kasaktaan” (representante) mula sa kababaihan, kabataan at ng mga elders. Ang “Gabay” ang nagtakda sa pagpili ng mga IPMRs para sa mga Katutubo sa Montalban. Ang lahat ay ayon sa kanilang Gabay ang sinunod.

Ang madalas na gawin ng mga Katutubo sa ibang lugar ay ang pag-pili ng IPMR bago ang pag-gawa ng gabay. Ang madalas na gawin ng ilang Katutubo ay ang isunod ang Gabay ayon sa katangian ng mga IPMRs.

Sa Rizal ay mayroong tatlong (3) IP communities at sampung (10) barangays: Antipolo, Montalban at Tanay.

- Isantabi ang mga pansariling karapatan. Ang pangkalahatang karapatan ang mahalaga. Huwag ninyong bitawan ang mga customary law ninyo dahil ito ay mawawala. Sa isang lugar ang ginawa namin ay ang ibang klaseng delineation. Delineation o ang paghihiwalay ng mga trabaho ng:
 - IPS (Indigenous Political Structure)
 - IPO (Indigenous Peoples' Organization)
 - IPMR (Indigenous Peoples Mandatory Representative)

Kapag nag-aaway away na ang mga Katutubo dahil sa hindi pagkaka-unawaan ang mga “buwitre” na nasa labas ay makaka-kita ng isang magandang oportunidad. Huwag nating hayaan ito. Salamat po.

Message of Atty. Kaherine Grace Lumilis ELAC (Environmental Legal Assistance Center)

Magandang umaga po ang iba sa inyo ay naabot na ng mga proyekto ng ELAC. Ang ELAC po ay tumutulong sa mga problema sa Palawan lalo na ang problema ng mga Katutubo. Ako po ay isang Katutubo rin mula sa Mindanao, Subanon Tribe.

Ang isa sa aming mga proyekto ay ang pag-pigil sa mga minahan at mga plantasyon na nakaka-apekto sa lupaing ninuno. Marami na sa aming mga kaso na isinampa ay ay ang mga kumpanya na pumasok sa mga lupaing ninuno.



May mga taga-Ransang na kaming natulungan. Kami po ay nasa Southern part of Palawan kung magtatanong po ang mga taga-Central at mga taga-North. Ang mga tinututukan namin ay ang mga pag-labag ng mga kumpanya at mga tao sa komunidad.

Kung may mga personal na kaso po, kami ay tumutulong sa abot ng aming makakaya. Kami rin po ay nagbibigay payo at nare-refer na lamang sa iba pang mga abogado. Salamat po.

Message of Atty. Robert A. Chan
PNNI (Palawan NGO Network, Inc.)

Magandang umaga nagkita-kita na naman po tayo. Nandito rin yata ako noong nakaraang GA ninyo at nagtanong ako, “*Ano ba ang pinaka-mabigat na problema ng ating probinsya?*” Tatlo (3) po:

- 1) Enhanced National Integrated Protected Areas System (ENIPAS) – ang limang (5) protected area natin ay kinuha mula sa Palawan at pilit na inilalagay sa PCSD. Ang ENIPAS Bill – ay hindi pa nagagawang isalin ang limang protected area sa kung saan ay si Gov. JPA (Jose P. Alvarez) ang Chairman. Kailangan nilang gumawa ng limang (5) Independent Bill upang isalin ito. Kinailangan gawin ito dahil sa pag-upo ng PNNI sa TWC ng Congress at hindi pa ito nangyayari sa ngayon.
- 2) Paghahati ng Palawan sa tatlo (3) – sa year 2020 ito ay magkakaroon ng isang plebisito. Ito ay hindi pa rin nangyayari. (*HB7413 Filed by Representatives Franz Josef George E. Alvarez, Frederick F. Abueg and Gil P. Acosta*)
- 3) Co-management Bill MOA – signed by ex-DENR Sec. Gina Lopez and Gov. JPA last 2017. Ito ngayon ay nangyayari na. Ang nasa loob ng MOA ay kinakailangan ng Management Plan. Nakita n’yo na ba ang Management Plan ng Gobernador at ng PCSD (Palawan Council for Sustainable Development)? Ito ay galing sa MOA na mayroong 120pages. Ano ang laman ng MOA? Tatlong malalaking probisyon:
 - a) Pagdami ng Plantasyon – coconut, cacao, kawayan, kape, palm oil
 - b) Pagdami ng daan sa loob ng kagubatan
 - c) Paggawa ng Housing para sa mga Katutubo upang bumaba kayo sa kabundukan



Ang nakikita lamang natin ay ang mga problema pero hindi ang mga sanhi ng problema. Ang dapat gawin ay ang iboto ang mga taong salungat sa sanhi. Tingnan ninyo kung sino ang mga kadidatong hindi sang-ayon sa paghahati ng Palawan, hindi sang-ayon sa ENIPAS na isalin sa PCSD at hindi sang-ayon sa Co-Management MOA [hindi ako nangangampanya].

Kung hindi natin ito makikita ay patuloy tayong hahanap ng mga alternatibo at kung hindi ay palagi tayong naka-tuon sa mga problema at hindi hinahanapan ng solusyon ang sanhi nito. Salamat po.

Pagbati ni Amay Rogelio “Ompong” Rodrigo Tagbanua Tribe, Palawan

Salamat at tayo ay naka-buo ng tatlong (3) mga tribo mula sa Tagbanua, Batak at Palaw'an. Nakakalungkot lamang at tayo ay hindi na marunong magsalita ng ating mga lingwahe. Ang mga bagong sibol wala ng alam. Ang panawagan ko lamang ay huwag kalimutan ang ating sariling wika.



Binabati ko lamang po ang ating mga abogado na nandito, si Atty. Chan, Atty. Jofi, Atty. Grace at ang ating taga-DENR na si Johnny Lilang. Kasama po natin s'ya noong mabuo ang Task Force para sa Ancestral Domain sa ilalim ng “Dautu” (?). Noong nandoon kami sa Rizal, masakit ang sinabi ng Vice Mayor, kay Fr. Arman, sinabi na *“Huwag kayong maniwala kay Fr. Limsa nagpapayaman ‘yan.”*

Kasama ang ating mga abogado, mag-kaisa tayo patungo sa ating layunin na makamit ang karapatan ng mga Katutubo. Salamat po sa inyo.

Message of Mr. Johnny Lilang DENR-PENRO, Land Management Dept.

Ang dating CENRO ng Palawan ay pito (7) sa ngayon ay anim (6) na lamang. Ang CENRO ng Narra ay pnaghatian ng Puerto at ng Quezon. Kung kayo ay taga-Narra ang DENR Office ay nasa Quezon na. Kung kayo naman at taga-Aborlan ang transakyon ay dito na sa Puerto.



Ang interes ng DENR ay ang pag-kumpleto ng Ancestral Domain dito sa buong probinsya. Katatapos lamang pag-usapan ang FLUP (Forest Land Use Plan) sa Aborlan. Ngayon taon po ay sampu (10) ang pinag-usapan at kinukumpleto ang basic list at alam natin na malaking bahagi rito ay nasa lupaing ninuno.

Ayon sa ating plano ay kung ano lamang ang naka-lagay sa ating ADSDPP ay irerespeto ng FLUP ng DENR. Ang FLUP ay hindi sa DENR, kami po ay tumutulong lamang para sa pag-plano sa Munisipyo. Ang expectation ng DENR ito ay matapos para magkaroon ng gabay. Kapag ang mga lupain dito ay na-certify na ng NCIP ito po ay igagalang ng FLUP.

Nabanggit na rin ni Atty. Chan ang protected areas. Ang Protected Areas na ito ay nasa Acenstral Domain at nasasaklaw ng kahit na anong land classification. P'wedeng ang Acenstral Domain at Protected Areas ay sumaklaw ng A&D Areas. Igagalang rin ng FLUP ang plano ng Protected Area.

Alam po ng mga taga-gobyerno, Municipal hanggang sa Barangay na dapat magbigay ng daan para sa mga programa ng NCIP para sa Katutubo. Gusto ng DENR na matapos na ang mga usapin tungkol sa Management Supervision, ito man ay timberland o hinde.

Sa PCSD ay mayroon tayong Tribal Ancestral Committee para malinis ang pagpapadaloy ng program ng gobyerno para walang sagabal at maging madali. Alam natin na ang Katutubo ay dependent sa natural forest products.

Magiging mas madali at mapapakinabangan ang pag-gamit ng forest land kung matapos ang identification ng ancestral domain; dahil ito ang pinakamataas na dokumento tungkol sa mga lupain na sumasaklaw sa timberland. Ang ibinibigay lamang po ng DENR ay mga kontrata lamang na hanggang tatlong (3) taon pero ang CADT ay walang katapusan. Mahala na ma-identify na ito para malaman na ang mga jurisdiction ng bawat ahensya at magiging malaya ang pag-galaw ng management plan ng ating mga Katutubo. Salamat po.

Message of Rev. Fr. Armando R. Limsa

Magandang umaga po sa inyong lahat. Nandito ang human rights at mahalaga ito na i-ugnay sa tema ng inyong pag-pupulong, “Edukasyon susi sa Maunlad na Pamnumuno.” Ang edukasyon ay hindi lamang sa loob ng paaralan na may pormal at impormal. Kung anuman ang mapag-uusapan dito ay dagdag kaalaman.



Kritikal ngayon ang ating kalagayan, sa anong dahilan?

- 1) Ang pagbabago ng ating Saligang Batas lalo na sa mga grupo na nasa laylayan ng lipunan at kayo ‘yun.
- 2) Ang paghahati-hati ng Palawan na isinanguni nila mula sa itaas; baliktad ito na dapat ay magmula sa ibaba. Kapag nahati-hati na ang Palawan tayo ay hindi na magkakaisa. Kung hindi tayo maingat, tayo ay babagsak. Ang Palawan Del Norte, Palawan Del Sur at Palawan Central ay magkakaroon na ng banggaan at hindi na tayo uunlad. Ang mga bundok ay maghahati-hati na rin. Masyado itong masalimuot.

- 3) Ang Simbahang Katoliko ay ayaw ng Pangulong Duterte. Gustong putulan ng mga ulo ang mga Obispo at mga pari. Galit na galit sa amin dahil gusto namin isabuhay ang mga karapatang pantao. Ang mga pari, madre, at mga manggagawa ng simbahan ay hindi mapipigilan. Ilang daang taon na ito at milyon na ang ipinapatay buong mundo alang-alang sa bayan. Hindi ako natatakot dito.
- 4) Delikado tayo ngayon dahil sa MOA ng Secretary ng DENR, dahil ang namumuno sa atin ay retired militar. Sa Mindanao ang mga Lumad ay nagkakaroon na rin ng kaguluhan.

Maghinay-hinay, mag-usap usap at kung maari lamang ay bawasan muna ang pagiging makasarili, “*Ako muna! Kami na muna!*” para tayo ay umunlad. Kamakailan lamang salamat at ang aking opisina at nakatulong upang mag-mapa, at iba pa, sa mga taga-NCIP para sa tatlong (3) lugar dito na iginawad na ng Commission En Banc. Ang aking opisina rin noon ay naka-tulong sa pag-hawak ng pera mula sa UNDP project para sa dalawang (2) lugar.

Ang mga pari at madre at nagpaplano na mag-diwang sa taong 2021 upang magpasalamant at sa paghahanda ng 2022 para sa taon ng mga Katutubo. Inanyayahan rin ang mga kabataan na mag-salita. Ang punto ko ay, ang simbahan ay buong puso at isip na ang Katutubo ay pagmamalasakitan. Tayo ay mag-hawak kamay, mag-damayan, at magtulungan imbes na mag-kanya kanya at ag-siraan. Salamat po.

Message of Ms. Bernice See Tebtebba

Magandang umaga po sa inyong lahat. Ako po ay galing sa Baguio isang “Kankanaey Igorot” ng Mountain Province. Karangalan po ng Tebtebba at ang UPAKAT na kung saan ang NATRIPAL ay miyembro. na kami ay makasama sa inyon 47th Founding Anniversary.



Ang mensahe mula sa Secretariat ng UPAKAT: “Magandang Araw sa ating lahat. Kami po ay taos-pusong nagpapasalamat sa pag-imbata ng NATRIPAL sa kanilang pangkalahatang pagpupulong. Ang Ugnayang Pambansa ukol sa Kaalaman at Talino (UPAKAT) ay isang samahan ng mga Katutubong Balangkas Pampulitika, Katutubong Samahan at Katutubong Pamayanang Tribo para sa pagtataguyod ng Katutubong Kaalaman at Karunungan sa mga sumusunod na salin-lahi. Bahagi ng programa ng ugnayan ang pagpapahalaga sa mga gawaing patuloy na kumikilala at nagsasagawa ng mga Katutubong pamamaraan katulad sa pag-update ng mga Katutubong Palaw’an, Batak at Tagbanua sa Palawan. Kasama ang mga kinahaharap

na mga isyu ay nagsisilbing hamon sa ugnayan upang mas lalong linangin at paunlarin ang karunungan sa pamamagitan ng kolektibong pamumuno. Bagamat walang nakadalo mula sa Secretariat, kami ay sumusuporta at nakiki-isa sa inyong pakikibaka sa lupaing ninuno. Sana ay tuluy-tuloy ang inyong mga gawain para sa pagpapalakas sa mga Katutubong Organisasyon para sa mas mabisang pagpapahayag ng mga karapatan sa sariling pagpapas'ya para makamit ang likas na pagpapaunlad. Maraming salamat po.”

Ang Tebtebba naman po ay isang pandaigdigan na NGO ng mga Katutubo at naka-base sa Baguio. Kami ay ka-partner ng NATRIPAL noon pa para sa iba't ibang mga proyekto. Kami po ay mayroong itinatayong Indigenous Navigator na nagmula sa Napsan, Bagong Bayan at Simpucan. Tayo ay sama-samang nag-training noon at ito ay isang paraan ng survey kung papano natin natatamasa ang ating karapatan.

Natutuwa po kami dahil nandito rin ang Karapatang Pantao dahil sila ay kabahagi rin ng ating Indigenous Navigator sa international level. Ang Human Rights Observatory ng CHR ay sinusupportahan rin ng European Union kagaya ng Indigenous Navigator. Kayo na aming partner sa komunidad ay may malaking tulong dito.

Ang Indigenous Navigator po ay magkakaroon ng proyekto para alamin ang pagtatamasa ng karapatang pantao sa pamayanan, may pagta-tasa kung ano ang mga problema, saan ba tayo nagkukulang, at mag-desisyon para matamasa ang karapatan.

Sa Napsan, Bagong Bayan at Simpucan ay may prioridad na mag-imbentaryo ng kanilang forest resources lalo na ang almaciga. Kaya ang DENR ay hinihingan namin na madaliin ang trabaho sa pag-imbentaryo, mag-bigay ng per diem para ang pera namin ay mapunta sa proyekto sa komunidad. Sa ganitong mga paraan ang Tagbanua ay mayroong mapagkukunan ng sustainable na kabuhayan. Kaya tuluy-tuloy ang pag-suporta namin sa komunidad, at sana makatulong pa rin kami sa iba pang mga komunidad. Salamat po.

**Message of Ms. Grace Sescon
Management Coordinator, ELAC**

Magandang umaga po sa ating lahat. Nitong July ay isinabuhay nating muli ang “Save Palawan Movement (SPM)” dahil sa maraming banta sa Palawan. Kapag nag-attend ako ng Conference sa Manila ang problema nila ay pagmimina, plantasyon, at pangangamkam ng lupa, na mayroon tayong lahat nito.



Tayo ay may “Waste to Energy” na problema ngayon sa syudad at ang mga infrastructure na sinabi ni Atty. Chan. Ang mga daan papunta sa mga kabundukan, ang mga pagtatapas ng mga lupain sa kabundukan at ang enerhiya (Coal Fire Power Plant) na hanggang ngayon ay isinusulong pa rin nila.

Ang lahat ng ito ay dahilan ng hindi makatarungan na pamamahala ay kasama sa mga manipestasyon kagaya ng pag-pasa ng Charter Change ni Gloria Aroyo na marami sa probisyon ay mapanganib sa ating mga Katutubo at sa ating mga kalikasan.

Ang Management Plan na magbubukas ng daan para ma-pasok sa kalob-looban ng ating mga lupain dahil sa mga kalsada.

At ang most pressing issue ay ang paghahati-hati ng Palawan na gagawin tatlong probinsya ang Palawan at isang s’yudad na independent. Ang dahilan nila ay masyadong malaki ang Palawan at hindi nakakarating ang mga serbisyo sa inyo.

Kung mayroong Kapitolyo na sa inyong lugar sa palagay n’yo ba ay makakarating na ang mga serbisyo sa inyo? Hindi naman dapat sila talaga ang nagbibigay ng serbisyo sa inyo kundi ang Munisipyo at ang Barangay. Na dapat ayon sa ang LGU Code ay pinalalakas para maibigay sa atin ang mga serbisyo-publiko.

Ang tutol natin dito sa paghahati ng Palawan ay dahil:

- 1) walang totoong konsultasyon. Ang sinabi nila ay nagpatawag sila ng mga Mayor at Vice Mayor na sinasabing sila ang representante ng mga tao pero hindi naman nagtanong sa atin ang Mayor at Vice Mayor kung gusto ba natin ito.

Ang Palawan ay isang Island Ecology. Buo dapat itong i-manage at isang pagmamaneho lamang. Bukod sa lahat dapat ito ay sustainable development ng mga likas-yaman ng buong Palawan.

- 2) Ang paglobo ng burokrasya o pag-dami ng tao. Ilang tao ang dapat paswelduhin? Ilang Governor? Ilang Vice Governor? Ilang Mayor? Vice Mayor?

Ilang Congressman? Ilang Board Members? Ilang mga kawani sa munisipyo? At iba pa.

Ang sabi nila ay magiging sentro ang Roxas, Taytay at Brooke's Point sa bawat probinsyang bubuuin. Kung maliit na ang kanilang nasasakupan mas madali na ang kanilang pagmanipula sa mga tao. Madali na nilang ipatupad ang kanilang interes. Mas madaling mag-escalate na tinatawag na "Development Aggression" ang mga pag-pasok ng mga investors at destructive instruments na makakasira sa kalikasan, dadami ang construction, dadami ang tao na ikamamatay ng rich biodiversity ng Palawan. Mawawalan ang mga lupa ng Katutubo dahil sa expansion ng mga infrastructures. Unti-unti na itong nangyaari ngayon.

- 3) Walang pag-aaral ang ginagawa nilang mga plano. Kung tunay na may pag-aaral, ito sana ang dala nila sa inyo para konsultahin kayo. Dapat sasabihin nila na, "O ito ang lumabas sa tawas kaya kailangan natin ng ganito at ganoon."

Ang sagot sa interview ni Vice Mayor ay, "Kaya nga may plebesito ay para konsultahin ang mga tao." Hindi ba dapat bago gawain ang batas ay may konsultasyon muna sa mga tao? Bakit nabuo na ang batas bago pa makosulta ang mga tao?

Sana hindi tayo dumating sa plebesito at tatanungin tayo kung "Papayag ka ba o Hinde?" Saan ba tayo papayag? Ano ang masama at hinde? Hindi natin alam kung ano ang papayagan natin.

Sa Charter Change ni Gloria, tinanggal ang anti-dynasty, tapos magiging tatlo ang na Palawan, ano na ang mangyayari sa atin? Ngayon ay patuloy pa rin tayong nangangalap ng mga signatures para tutulan ang paghahati hati ng Palawan.

Ang mga tao sa Puerto noong ginawa na maging highly urbanized ang lugar na ito walang sinabi na hindi tayo p'wedeng bumoto para sa probinsya. Mayroong petisyon sa Comelec na dapat ay buksang muli ang pag-boto ng mga Puerto Princessa. Ang naka-saad sa ating 1987 Constitution lahat tayo ay p'weeng bumoto. Ngayong 2019 ay p'wede tayong bumoto para sa provincial officials ayon na rin ito sa Charter ng highly urbanized area. Marami pong salamat.

Remark, John Mart, NATRIPAL: Ang pagtatanong ninyo ay idiretso ninyo kung kanino n'yo gustong itanong na opisyal. Ang mga taga- DENR, NCIP at iba pang partners natin ay sana manatili rito hanggang makapag-present ang mga taga-CHR tungkol sa kanilang Human Rights Observatory. Nais namin na makuha rin ang inyong saloobin tungkol dito. Salamat po.

OPEN FORUM

Q, Joel Limsa: Para po ito kay Atty. Chan, tungkol sa Co-Management MOA. Mayroon po bang magagawa ang NATRIPAL para mapawalang bisa ang ginawang MOA?

A, Atty. Chan: May nagawa na ang NATRIPAL. Signatory si Pres John Mart sa sulat. Ang Co-Management ay nag-umpisa na dalawang taon na ang naka-lipas. Ito ay nasa implementasyon na, ito ay ang plantasyon, daan at pag-baba ng mga Katutubo. Mayroon tayong plan sa internet na approve na ng PCSD. Dahil lahat tayo ay pumirma sa sulat, hindi nag-laan ang DENR ng pera sa MOA. Tuloy pa rin ang MOA dahil ang pera ng PCSD at pera ng probinsya ang inilagay doon. Panalo tayo sa kalahati ng laban pero ang kalahati ay hinde. Nagpapasalamat ako dahil ang mga taga-San Vicente at Quezon ay naka-pirma rin sa sulat. Nagalit nga sa atin si Gov. dahil P100M ay nailagay na at hindi ito ma-liquidate sa COA. Mahirap na itong buwagin pero may nagawa ang sulat natin na huwag ituloy ang MOA, kaya lang ang kalahati ng budget ay galing pera ng probinsya at PCSD.

Q Amay Pandinio: Para kay Atty. ang kaso namin ay ibinalik bakit n'yo tinanggap? Ang kaso namin ay wala pang desisyon at ngayon kami pa ang kinasuhan sa korte. Isa itong maliwanag na pagyapak sa karapatan namin. Laganap na ang pag-pasok ng mga tao, kanya kanya ang mga tao, pero ang sabi ni Atty. Awat ay gumawa kami ng batas ayon sa IPRA law.

A, Atty. Agusti: Ang kaso n'yo po ay mayroon ng desisyon kay Atty. Gina. Simula po ng magkaroon ng Unduran ipinaliliwanagan na namin na ang Supreme Court ay nagkaroon ng isang desisyon na ang jurisdiction ng NCIP ay limitado lamang sa problema, hindi pagkaka-unawaan at sigalot sa pagitan ng kapwa Katutubo na nasa isang tribo lamang. Hindi po tayo p'wedeng tumaliwas sa utos ng pinaka-mataas na hukuman. Buong Pilipinas po ang apektado sa bagay na ito hindi lamang sa buong Palawan. Hindi naman po nagdi-dismiss ang NCIP agad, hindi ko lamang po p'wedeng kunin ang kaso ninyo dahil ako po ang abogado ninyo doon kaya po ito ibinigay ng NCIP sa ibang RHO. Pero ang kaso namin sa Romblon ang kumpanya ay pumayag na makipagka-sundo kaya hindi ma-dismiss ang kaso dahil may kasunduan na mag-bigay ng royalty. Ang ibang kaso po kagaya sa Aborlan ay hindi p'wedeng pilitin kung hindi nagkakasundo ang dalawang partido. Ang mga dahilan, a) minsan hindi ito pang-komunidad na kaso; b) minsan ito ay isang claim ng isang Katutubo sa lupain n'ya na kinukuha ng isang kumpanya o ng iba; c) minsan ang ibinibigay ng mga Katutubo ay imposible para mapagka-sunduan. Kung ma-dismiss man po ng RHO ang Katutubo ay kailangan mag-file sa court at kailangan ng assistance ng abogado. Kung ito ay community-interest case ang abogado ng NCIP ang dapat tumulong sa inyo subalit wala po tayong abogado sa ngayon lalo na sa Rehiyon ng Palawan hanggang December 31 na lamang tayo mayroong Regional Officer. Ang ating RHO sa katauhan ni Atty. Lapat ay magtatransfer na sa Region 3 sa January 1. Isang malaking problema na naman ito ng Palawan dahil tatlong (3) taon nang walang abogado ang NCIP sa Palawan. ELAC po ang tumutulong pero para sa community interest po ito o kaya naman ay sa PAO po kami humihingi ng tulong.

Ang Unduran ba ay talagang balakid? May dalawang test case po ako. Una ay sa Tanay Rizal at nag-file po ako sa Regular Court ng ejectment. Nanalo naman po kami doon dahil ancestral domain po ito. Pangalawa ay sa Bulalakaw, Coron Palawan at nanalo rin kami hanggang Court of Appeals. Kung mayroon po tayong mga makinarya at abogado kahit na may Unduran pa ay mananalo tayo ngunit wala po tayong sandata sa ngayon sa NCIP. Noon po ay pinayagan lamang ako na hawakan dahil hindi pa po ako Hearing Officer. Hindi lamang po si Atty. Tisa ang tumanggap ng mga kaso noon bilang isang hearing officer (rest in peace) dahil may kapangyarihan ang NCIP na duminig noon. Hindi po batas ang inilabas ng Supreme Court kundi interpretasyon ng Supreme Court hinggil sa IPRA law.

A, Atty. Chan: Tandaan na lamang natin na ang lumabas na kaso ng Supreme Court ay mali. Hindi ka rin kailangan maging Justice ng Supreme Court para sabihin na ang jurisdiction ng NCIP ay hindi lamang para sa Katutubo. Kung titingnan ninyo ang karapatan ninyo sa RA8371 ay ang pagpapa-alis ng mga taong taga-labas sa lupaing ninuno ninyo. Papaano mo ma-implement ang karapatan mong ito kung ang kalaban mo ay taga-labas? Ibig sabihin dapat pinaningan kayo na ang kalaban ng Katutubo ay taga-labas. Anong p'wede natin gawin ngayon? Gamitin ninyo ang karapatan ninyo para hindi maka-pasok ang taga-labas sa area ninyo. Sa buong sampung taon ko dito ang ginagawa ko ay hinuhuli ko na lamang ang mga chainsaw ni Gov. at Lucio Tan para ako na lamang ang kasuhan nila. Hanggat hindi ninyo ipinaglalaman ang inyong karapatan ay patuloy itong mangyayari. Kung kayo ang mag-kaso sa kanila patatagalin lamang nila. Pigilin ninyo sila sa pag-pasok, sila ang mag-kaso sa inyo ako ang abogado ninyo patatagalin natin. Baliktarin natin ngayon tayo ang nag-kakaso sa kanila, tayo ang may kailangan ng abogado, tayo naman ngayon ang mag-implement ng karapatan natin. Tayo ang dedepensa sila ang humanap ng abogado nila.

A, Atty. Agusti: Ngayong nasa RHO na po ako mayroon akong 88 cases at na-dispose ko ay around 20 cases a year. Ang karamihan doon ay IP vs Non IP. Nagbabasa ako ng kanilang posisyon paper at tinitingnan ko na baka may isang abogado na malikot ang imahinasyon at mag-bigay ng ibang interpretasyon sa Unduran na pwedeng katigan ng Supreme Court. Base na rin sa pagiging legal officer ko noon, tama naman ang sinabi ni Atty. Chan na mas maganda ang depensa kesa sa umaatake ka lalo na hindi sapat ang sandata mo [kaya lang hindi ko p'wedeng sabihin 'yun dahil ako ay nasa gobyerno.] Kung nasa depensa ka alam mo ang galaw nila. Kung nasa norte kayo ang Ocean Park ay hindi makapasok, ang kaso nila ay pending. Hawak pa rin ng Katutubo ang isla. Bakit? Dahil ang mga Katutubo doon ay hindi binitawan ang lupa. Kapag lumalaban kayo huwag ninyong bibitawan ang lupa ninyo dahil mahirap bumalik.

A, Atty. Chan: Alam natin na ang problema natin ngayon sa buong Palawan ay abogado. Pero sa panunungkulan ko sa PNNI ang proyekto namin ay may tema na,

“Hindi ako abogado.” Inipon namin lahat ang mga lider na Katutubo, mangingisda, magsasaka at sino pa na nakagawa ng bagay na hindi kailangan ng abogado.

Kung kilala n’yo si Teofilo sa Narra, nandoon kami sa Ajudication Board ng MGB ang kalaban n’ya ay mining company. Gumawa ng position paper at sulat kamay. Dalawang sentences. Sarado ngayon ang City Nickel. Suspendido ang kumpanya nila. Anong laman? Simple lamang. Ang 500-1,000 meters above sea level at restricted ayon sa PCSD Bakit kayo nag-ooperate sa 800 meters? Tama s’ya.

Ang karapatan ay nasa tao. Kung papano ito ilagay sa papel ay nasa tao. Ang abogado ay kayang ilaban ‘yan. Pero kaya n’yong gawin ito. Isulat lamang ninyo ang rason ninyo at ito ang kailangan ng batas. Ang rason ninyo ang ipaglalaman natin sa bawat batas. Ito ba ay sa inyong kasarinlan? Kultura? IKSP? Naniniwala ako na kakatigan ni Pañera ang inyong kaso.

Q, Wille Tiugon: Para ito kay Atty. Jofi, nagkaroon po ba kayo ng investigation sa ina-aaplayan naming lupaing ninuno sa Brgy. Magsaysay sa itaas ng Aborlan? Dahil kung mayroon itutuloy namin ang laban kay Atty. Gina. Kung wala ano po ang payo ninyo?

A, Atty. Agusti: Noong nagpunta po ako doon 3-4 years ago na po yata ‘yun ang mungkahi po noon ay ang ipagpatuloy ang pag-apply ng CALT [dahil ito po yata ang inaplayan ninyo noon]. Ang mga tao doon ay hindi naman magkakaibang clan o angkan. Masyadong malawak ang kung CALT ang i-apply ninyo doon baka magkaroon kayo ng problema sa requirements. Baka kasi mas maganda kung CADT, pero ang pagbabasehan po ay ang technical na opinion ng nasa probinsya. Dahil wala na po ako sa doon at ako ay nalipat na hindi ko lamang po alam kung CADT o CALT ang na-aplayan ninyo. Ang maganda po dito kapag nag-apply kayo ay kausapin ninyo si PO para sa simula pa lamang ay maayos na ang aplikasyon. Malaki po ang pagkakaiba ng CALT sa CADT. Hindi ko po dapat pangunahan ang kanilang desisyon ang kailangan n’yo ay masinsinang pakikipag-usap sa teknikal dito sa probinsya. Ang alam ko po release na ‘yun ready for titling ng DENR dahil harap ng Munisipyo ito hindi na timberland.

A, Atty. Chan: Nagbigay kayo ng aplikasyon tapos hinahanap ninyo kung anong nangyari doon. Kapag nagbigay kayo ng application at tinanggap nila at tinatakan nila ng “received”, gumagana na ang karapatan ninyo doon. Nasa Supre Court decision rin ‘yun, hindi n’yo kailangan hintayin ang karapatan ninyo kahit pa CALT or CADT ‘yan may karapatan na kayo doon. P’wede na ninyong sabihin na hindi na p’wedeng pumasok ang iba. Dahil lamang sanay na tayong ipinaglalaman ng iba, hindi tayo lumalaban. Huwag kayong maghintay na ipaglaban sa inyo ni Jofi yan, o ng ELAC o ng PNNI. Dapat ngayon pa laang ay may tapang na kayong sabihin na “lupaing ninuno namin ito o lupang ninuno namin ito CALT man o CADT.”

Q, Wille Tiugon: Para sa history kung bakit namin kailangan i-claim. Iniwanan na nga ng komunidad dahil Munisipyo na s'ya at nasa kabila kami. Ang lugar ay racho ng mga Ortega, nailit ito at pinasok ng Batayan Farmers Association, pinaghati-hatian nila habang hinahabol ng mga Ortega. Kaya hinabol na namin ang lugar dahil ang akala ng Ortega sila pa rin ang mananalo sa kaso. Pero bigla itong hinati-hati at na-release mula sa PENRO sa Batayan Farmers Association ang titulo. Kung wala na kaming magagawa pa bakit magpapagod pa kami doon. Kaya ako nagtanong ano ang p'wede naming gawin.

A, Atty. Agusti: Ang tanong ko noon kay Madam ilang ektarya ang pwesto mo dito? Ang sagot ay 1-3 hectares . Ang sabi ko sabihin sa mga Katutubo na naka-pwesto doon na mag-apply na lamang sa DENR at huwag ng CADT or CALT kasi released na ang area. Ang sabi naman n'ya kaunti lamang ang mapupunta sa kanila kung ganoon at ang gusto nila ay ang buo. Kung CALT hindi rin makukuha dahil hindi naman clan ang nagke-claim mas malamang na ito ay CADT dahil isa kayong asosasyon sa loob. Ang sabi ko kung gusto nilang mas mabilis mag-apply na lang sa DENR. Ang problema yata ay ang pakikipag-usap sa DENR at ang gusto ay buo. Pero ipinakita ko na ang advantage at disadvantage ng mga titulo na dapat i-apply.

A, Atty. Chan: Kung ito ay classified na lupaing ninuno sakop nito kung ito ay timberland, protected area, mining o anupaman. Huwag kayong matakot dahil released na ay hindi na papasok sa lupaing ninuno. Ang dagat nga ay pasok sa lupaing ninnuno. Huwag n'yo kasing sabihin sa sarili ninyo na kapag hindi n'yo nakuha ang buo ay give-up na kayo. Mali ito. Ang problema sa ating mga Katutubo ay *"all or nothing"* at kapag nag-sampa tayo ng kaso bukas ay may aksyon na! Mali ito. Ang labanan dito ay mahaba. Kung hindi man natin makuha ang buo at may nakuha tayong kaunti – victory na ito dapat! Marami sa inyo ay naka-pwesto na. Doon pa lamang ay victory na kayo! Ang ipaglaban na lamang natin ay yoong hindi naka-pwesto. Ang BCM sa Kalawit, hindi pa ako abogado noon pero ngayon CADT kasama ang dagat.

Wille Tiugon: Para matuto kayo sa amin. Ang area namin ay nasakop na ng ibat ibang barangay. Ang paligid namin ay released at ang naiwan ay ang 94heactares dahil sa rancho na hinahabol namin. Noong ma-released na ang paligid at panahon pa ng tatay ko, nagbabayad na lamang kami ng tax declaration pero pinatigil kami dahil may pagmamayari na daw ng iba ito. Maraming Palaw'an ang bumitiw dito. Ang naiwan ay ang 94 hectares at hindi pa ito nahahati-hati noon kaya lamang isang araw nag-punta ang PENRO na walang alam ang mga tao doon at ito ay na-sukat na kaya pinasok ng mga Bantayan Farmers Association. Kaya ang sabi na i-apply namin sa DENR hindi na p'wede dahil ang mga farmers ang naka-kuha at sila ang squatters.

A, Atty. Agusti: Ang sabi ko ang gawin ninyo ay ang intension ng komunidad kung saan n'yo gustong patungo. Ang iba ay naka-pwesto na. Ang sabi ko nga po kanina dapat ang pag-sulong ng karapatan ay 'yun komunal na karapatan hindi ang pang-

indibidwal na karapatan. Mag-usap usap kayo at tingnan ninyo kung ano ang gusto ninyong isulong. Ang mga nagpatitulo na sa DENR ay dapat nakapag-file na rin kayo ng adverse claim.

Wille Tiugon: Para nga sana mas maayos pangunahan na ng NCIP na tumulong sa pagkansela ng mga na-isyuhang titulo. Ang Problema namin kapag nag-pwesto kami doon baka dumanak ng dugo.

A, Atty. Chan: Hindi totoo ang pag-danak ng dugo. Sa tagal ng PNNI walo (8) pa lamang ang namatay at ito ay tunay na mababait na tao pero walang dumanak na dugo. Papatayin mo ang naitanim namin na kaunting lakas ng loob sa mga Katutubo para ipag-laban ang karapatan ninyo. At tuwing may gagawin kayo ay sasabihin ninyo na may dadanak na dugo. Hindi totoo ito. Maraming pagkakataon na kapag ipinaglalaman natin ang ating karapatan ay ay kailangang makipag-kompronta at makipag-away. Kapag nanghuhuli kami ng chainsaw at kahoy ni Gov hindi naman dumanak ang dugo naka-tawa ang mga tao namin at tao ni Gov.

Q, Sapdul Guinto Jr.: Tanong ko sa PENRO kung kami ay kukuha ng ani at pupunta sa inyong tanggapan na walang pang ADSDPP. Kami ba ay malayang makaka-kuha ng mga produktong ikinabubuhay namin na hindi matatakan ng tiwalag?

A, Mr. Lilang: Ang ADSDPP ninyo ay kailangan ninyo sa lupaing ninuno ninyo upang ang hindi naka-sulat ay maisulat. Ang native title ninyo ay ma-formalize sa issuance ng CADT. Kahit wala pa ang CADT at ADSDPP ang sabi ng ani Atty. Chan ay dapat ipaglaban na ninyo ito at gumagana na ito. Kailangan n'yo ang titulo dahil kung may dumating kayong kalaban sa taga-labas at sa kailangan sa korte ay may maipapakita kayong opisyal na dokumento.

Additional, Participant: Nakasama ako sa pag-gawa ng ADSDPP sa Rizal. Sinamahan nila ng resolution na bawal ang pumasok sa nasasalupang ng CADT na makakasira ng mga lupaing ninuno. Isang malakas na pagpapatibay para maproteksyunan ang inyong lugar.

A, Atty. Chan: Ang ADSDPP ay wala kayong forest charge kung ito ay gagamitin ninyo para sa inyo lamang. Pero kung commercial na ito ibang usapan na. Ihiwalay lamang ninyo.

Q, Monico Bilig, Malinaw Narra: Tanong sa PENRO tungkol sa aming lupa sa Malinaw Narra, 60 hectares ito at marami kami. Tatlong bese na itong na-survey pero hindi na aprubahan dahil sakop dawn g timberland. Bakit hindi ma-approve samantala ang isang taong Cuyunin, na si Anastacio Magbanua ay may titulo? Ang kay Delerio at Nelson Rodriguez ay sakop rin ng timberland pero may titulo. Kaming mga Katutubo ay ayaw bigyan ng titulo? Anong magandang paraan para kami mabigyan?

A, Mr. Lilang: Hanggang wala akong makikitang papel ay hindi ko p'wedeng paniwalaan. Ang batas namin ay hindi kami p'wedeng magpatitulo sa timberland, bagamat hindi ko sinasabing walang nangyayari. Ang titulo ang magpapatunay na s'ya ang may-ari noon.

Monico Bilig: Ipa-xerox ko na lamang po ang titulo at hiram ko sa kanila. Idadala ko sa inyo. Para naman kay Atty. Chan, saan pong City Nickel ang nasaraduhan sa Narra po ba?

A, Atty. Chan: Pareho. Napahinto natin 'yan at nag-file sila ng apila at dahil dito pinayagan silang mag-mina doon sa stockpile na nakuha na nila. Nangyayari talaga 'yan sa ibat ibang ahensya. May order of suspension ang Española at ang Narra na City Nickel. Pero ang interpretation ng MGB kapag may apila tuloy lamang sila, balik sa status quo. Maling interpretation. Na-question na natin 'yan pero naka-binbin na ito sa Office of the President. Kapag nakita ninyo sila na naghuhukay ng panibago 'yun ang mali.

Monico Bilig: Ubos na ang stockpile nila. Bago na po ang ginagawa nila. Tinanong ko na si Mr. Sanga, ang sinabi sa akin hindi kaya ng NCIP na pahintuin ang City Nickel. Para kay Atty. Agusti hindi n'yo ba talaga kaya na pahintuin ang City Nickel?

A, Atty. Agusti: Nag-file na tayo ng cancellation of COC para sa City Nickel noong 2014 at sa kasamaang palad naka-binbin pa rin ito. Wala pa rin pong desisyon nag Clerk of Commission.

A, Joel Limsa: Ngayong 18th maglalabas ang Clerk of Commission ng NCIP sana lamang ay favorable sa atin ang desisyon.

Q, Renoso Cereno: Para sa NCIP, ang ibang IP ay hindi alam ang ibang kultura ng ibang IP pero ito ay mga IPMR na. Mayroon po ba kayong magagawa dito?

A, Atty. Agusti: Nagkaroon po tayo ng bagong National Guidelines, ang panukala po namin doon ay maging AD-based ang mga IPMR. Sa ngayon ang sinasabi ay kung ilan ang grupo ng Katutubo ay mayroon silang karapatan na magpa-upo ng sarili nilang IPMR. Nasa inyo ngayon kung papaano kayo magkakaroon ng term-sharing o magpa-ikot ng inyon sariling IPMR. Kung Gabay ang pag-uusapan dapat ay may malinaw kayong Gabay, maliban sa Gabay ng bawat tribo sa pag-pili. Bago matapos ang termino ng mga nasa Komisyon ngayon, ay lalabas na ang bagong Gabay. Sana lamang ay nandoon ang panukala na maging AD-based at masagot ng maayos ang tanong ninyo.

Sa Busuanga Coron ay mayroon Cunuyunin, Cagayanen, Agutaynen pero ang Tagbanua lamang ang nakaka-upong IPMR doon. Dahil 'yun ang usapan nila doon. May national guidelines pero may kalayaan kayong gumawa ng local guidelines ninyo.

A, Atty. Chan: Tandaan n'yo lamang na ang sinasabi ni Pañera na guidelines ay hindi lalagpas sa customary law ninyo. Mangingibabaw pa rin ang customary law ninyo bago ang guidelines nila dahil 'yun ang naka-lagay sa inyon IPRA.

Q, John Mart: Para sa katanungan ng ating mga kasamahan na IPMR, kung ao daw ang desisyon ng En Banc sa aming sulat. Para sa kaalaman ng ilan ang legitimate na Katutubo dito sa Puerto Princesa ay Batak at Tagbanua lamang. Sila lang rin ang mayroong lupaing ninuno dito sa Lungsod ng Puerto Princesa, bagamat ang karamihan na naka-upo sa gobyerno ay puro Cuyunin, Cagayanen at ibang tribo. Ang sulat namin ay nabigay na kay Chair para ipa-walang bisa ang naunang gabay. Kaya sana bigyan ng representasyon ang dalawang (2) tribo dahil sila ang vulnerable.

A, Atty. Agusti: Kukuha na lamang po ako ng bagong guideline at babalikan ko po kayo sa update.

Q, Rodolfo D. Bulagis: Para sa mga IPMR na magtatapos na ng termino hindi ba p'wedeng bigyan muna ng ilang buwan para hindi naman bakante dahil wala pang napipiling uupo?

A, Atty. Agusti: Ilagay n'yo po sa local na gabay ninyo.

A, Joel Limsa: Allowed tayo sa national guidelines ng 1-month acting capacity. Ang comment ko lang ay hindi sapat ang isang buwan pero wala na tayong magagawa doon.

Q, Virgilio Q. Jacorang, Marufinas: Pinagbabawalan po kami na magkaingin. Alam naman namin kung ano ang kahoy na hindi dapat kunin, pero kinagisnan na namin ito at parang kulura at tradisyon na namin ito na ngayon ay nawawala na pagbabawal dito.

A, Mr. Lilang: Sa ating po may tinatawag tayong PAMB (Protected Area Management Board) kasama ang Kapitan at mayroong representative ang mga Katutubo. Naka-harmonize lahat 'yan para hindi magkaroon ng problema ang protected area at ang management plan ng Katutubo. Gawa kayo ng sulat at address sa PAMB para mapag-usapan doon.

A, Atty. Lumilis: Nag-attend po ako ng Conference sa ICCA at napag-usapan doon na ang ibang AD ay nasa loob ng protected area. Sa loob ng PAMB talo tayo sa botohan dahil kulang ang nandoon na naka-upong Katutubo. Isinusulong ng NGO na Bukluran ang isang batas para linawin ang tungkol sa mga katanungan na ganyan.

A, Atty. Chan: Habang wala pa ang batas babalik tayo sa interpretasyon ng nakaluklok sa ating gobyerno, DENR, city or PAMB. Ang dapat sa isang luaping ninuno na nakapaloob sa protected area ay p'wedeng magkaingin depende sa sona. Kung ang ikaka-ingin ninyo ay personal use, multiple use or IP zone, communal areas – p'wede. Pero kung iyon ay sagradong lugar ninyo kahit naman kayo ayaw

n'yo 'yun. Anong sona ang mangingibabaw? Ang nasa ADSDPP o ang PAMB? Dapat sa ngayon ay pinagsasanib na ninyo ito.

Q, Leonida Calibuso, SKTM: Pinagbabawalan kami na magkaingin pero mismong ang mga nasa barangay na hindi naman IP ang gumagawa nito. Tapos pinahahanap sa amin ng PAMB papano namin sa sabihin 'yun mga taga-barangay nga.

Q, Amay Teliong: Nagpadala po kami sa ELAC ng kaso namin, ASAKA case. Anong nangyari doon? Para naman sa DENR, may application na kami ng CADT tapos mayroong application na iba at pinapayagan ito ng DENR.

A, Atty. Lumilis: Ito ay kaso na isinampa IP vs. Non-IP. Ang sinasabi dito naisampa ang kaso bago pa nagdesisyon ang Supreme Court ng Unduran case. Ang magiging desisyon nito ay magbabase sa Unduran case. Ang advise namin ay i-file na lamang ito sa regular court. Kahit wala pang desisyon ang NCIP wala na silang jurisdiction dahil IP v. Non-IP ang kaso ninyo.

Q, Herbert Dadizon: Ako na lang po ang magpaliwanang, naunang nag-apply sa CADT tapos may mga Katutubong nag-apply na naman ng SIFMA (Socialized Industrial Forest Management Agreement) at pinapayagan ito ng DENR. Ang tanong bakit?

A, Mr. Lilang: Kung gusto ninyo ang CADT 'yun na lamang. Ang i-follow up ninyo ay ang sa NCIP. Kung mag-submit kayo sa amin ng mga dokumento natural lamang na i-receive namin 'yun.

Q, Rey Boja, Roxas: Ang lupa ay tinirahan ng lola ko noong maliit pa ako pero mayroong may-ari ng lupa. Noong umalis ako ibinenta ng lola ko ang lupa. Pag-balik ko sabi ko kukunin ko ang lupa ibabalik ko ang pera. Ang sabi ng barangay i-survey ang area at hahatiin na lamang. Ang gusto ko ibalik ko ang pera dahil ang pagka-bili ay P2,500 lamang at ang lawak ng lupa ay kalahating ektarya.

A, Atty. Chan: Kung lupaing ninuno 'yan p'wede mong isoli ang P2,500. Ang barangay ay walang karapatang mag-survey ang trabaho nila ay mag-settle lamang.

A, Atty. Agusti: Wala pong karapatan ang barangay na magdesisyon para sa inyo. Ang gawain ng barangay ay magkasundo kayo at magkaroon ng settlement na tinatawag. Ang importante lamang ay dapat kayo ang naka-pwesto doon at huwag kayong aalis doon.

Q, Rey Boja, Roxas: Ang lupa ay mayroong ibang naka-tira.

A, Atty. Chan: Ang akala namin kayo ang naka-pwesto kaya ang best way ay ang sinasabi ng barangay. Hatiin na lamang at i-survey. Magkakaroon ka pa ng lupa. Kasalanan ito ng mga lola mo dahil sa kapabayaan at dahil hindi kayo ang naka-pwesto doon mas maganda na nga ang sinasabi ng taga-barangay na hatiin. Kaya

nga po ang sinasabi ko sa may mga lupaing ninuno, bakuran ninyo. Kung malaking masyado lagyan n'yo ng mga markers. Dalawa lamang gagawin mo: 1) magsampa ka ng demanda sa NCIP at mahabang proseso yun o; 2) magkasundo kayo sa sinasabi ng taga-barangay na sukatin ay hatiin na lamang. Kung ang lugar ay walang bakod p'wede kayong lumagay doon at ipaglaban mo ang tawag doon ay "doctrine of self help" o ibig sabihin "tulungan mo ang sarili mo." Kung ang lugar ay may bakod hindi ka p'wedeng pumasok, ang kinatatigan ng batas ay 'yun naka-pwesto.

Q, Elma Dadones: Nabigyan kami ng project ng UNDP pero kailangan pa rin namin mag-bayad ng zoning fee, P10,000 po ito bago kami mabigyan ng Mayor's permit. Hindi kami inoobliga na mag-bayad agad pero kailangan pa rin namin mag-bayad. Isa pa po ang gusto namin ay mag-linis ng aming CADT pero pinagbabawalan kami ng ranger.

A, Atty. Chan: Ang interpretasyon talaga ng government d'yan kapag commercial use na ang mga products ninyo kailangan na kayong mag-bayad. Kapag may business na kayo ang regulasyon ng LGU ay talagang ganyan. Humingi na lamang kayo ng exemption. Gumawa kayo ng tribal letter na dahil sa kahirapan at kayo ay nagu-umpisa pa lamang. Ang alam ko kapag ang mga Katutubo ay nag-business na ay hindi na exempted sa mga regulasyon. Depende sa inyong sona, sabihin ninyo na ayon sa inyong ADSDPP ang sona ninyo ay multiple use.

Q, Joel Limsa: Ang tanong ko ay kay Atty. Jofi. Pwede po bang mag-labas ang Commission En Banc ng isang resolution para sa LGU na maka-sama sa CLUP ang mga coordinates ng ancestral domain?

A, Atty. Agusti: Hindi na kailangan ng resolusyon dahil naka-alooob na sa inyong IPRA na kung ano ang gusto n'yong gawin sa AD ninyo. Dapat lamang ay naka-interface na rin sa plano ng mga LGUs ang mga coordinates nag inyong mga lupaing ninuno. Papano nila malalaman na sagradong lugar 'yun kung hindi nila alam ang coordinates? Kayong mga IPMR kung kayo ay naka-upo na iyan ang dapat na tutukan at bigyan n'yo ng unang pansin. Tingnan ninyo ang plano ninyo sa AD at plano ng pamahalaan para magkaroon ng harmonisasyon.

Q, Joel Limsa: Ang hirap lamang po kapag nag-iisa lamang kami sa Sangguniang Bayan at dito na siguro pumapasok ang usapin ng human rights hanggat hindi maayos ang AD ay maraming problema. Ang gusto lamang po namin sana ay mayroong Commission En Banc Resolution na magbibigay ng direktiba sa mga LGUs na isama na ang AD sa kanilang CLUP.

A, Atty. Agusti: Ipapa-abot ko na lamang po aming opisina at kay Commissioner Roy ang mga ito.

Q, Joel Limsa: Salamat po. Ang isang tanong ko pa ay kay Mr. Lilang, alam natin na may mga kawani sa PENRO na hindi kumikilala sa native title. Magbigay po sana kayo ng isang payo para naman kilalanin ang aming native title na napaka-hirap para

sa aming mga Katutubo na kailangan pa ng mga ibang dokumento para lamang paniwalaan kami.

A, Mr. Lilang: IPRA ay nagsasabi na kapag na-certify ng NCIP na ito ay AD at na-inform na ang opisina ng DENR and other agencies dapat ay may turn over na.

Q, Joel Limsa: Habang sana wala pa ang CADT sabihan man lamang ang mga kawani ng DENR na kilalanin hindi lamang sa salita kundi sa gawa. May mgagaling kayong mga PENRO lalo na sa Aborlan, nakikita na ang AD pero nage-entertain ng application ng SIFMA malinaw ito na hindi kinikilala ng DENR ang native title. Magbigay sana kayo ng recommendation na habang hindi pa namin hawak ang CADT namin ay nandito pa rin kami, kilalanin ang native title namin.

A, Mr. Lilang: Kailangan ko pa rin po ang Section 52 (?) ng IPRA na ang area ay Ancestral Domain.

A, Atty. Chan: Kahit wala pang CADT p'wedeng mag-certify na ang lugar na 'yun ay under the process of CADT.

Q, Joel Limsa: Para sa lahat, kailangan natin ang certification na ito ay under the process of CADT at ipa-receive ito sa DENR. Kaya lamang nand'yan pa rin ang mga CBFNA na after 25 years ay kailangan ng mag-renew. Minsan itong CBFNA ang ginagamit na backdoor para sa problema. Minsan kung ano ang nasa kontrata hindi naman ito naipatutupad ng LGU at DENR. Ang recommendation ko kung hindi epektibo ang CBFNA hindi na kailangan ng renewal. Nagiging sagabal rin ito sa amin pag-dating sa social preparation (?).

A, Atty. Chan: Hindi ko susuportahan 'yan ako po ang ED ng PNNI at kinikilala namin ang pederasyon ng CBFNA sa buong Palawan dahil miyembro rin namin 'yan kaparehas ng NATRIPAL. Ang tamang tugon dito ay kung papano dapat ma-harmonize ang dalawang grupo na ito. Nakaka-kita man kami ng problema pero hindi sapat ito para sirain ng hidwaan ang dalawang grupo na ito.



UPDATE of the INDIGENOUS PEOPLES' MANDATORY REPRESENTATIVES (IPMRs)

IPMR Reynaldo Rodriguez, San Vicente

IPMR Joel Limsa, Narra

IPMR Rosalino Lisag, Aborlan

IPMR Victor Colili, Brooke's Point



Reynaldo Rodriguez, Joel Limsa, Rosalino Lisag, Victor Colili
(Left to Right)

IPMR Rodriguez

- 2016 umupo bilang IPMR
- Five (5) CADT that has been awarded already
- Application in one of the areas in Port Barton lost in the hands of NCIP, this was funded buy UNDP years ago; 2004-2005 many documents of NATRIPAL has been lost and damaged due to termites; back to level one of application
- Needs for IEC but lack of funds and no available lawyer, in compliance for the CADT application
- In the west, some groups is accusing NATRIPAL as one of the leftist groups

IPMR Limsa

- 1st Resolution passed: for Quarrying Application it is a requirement to submit the Certificate from the Council of Elders
- Launched the tribal massgrave
- Helped in barangay ordinances

IPMR Lisag

- Working and helping the Tagbanua, Batak and Palaw'an
- Resolution for the construction of the Tribal Barangay
- Environmental concerns – on hold by the members of the Sanguniang Bayan

IPMR Colili

- 1993 joined in NATRIPAL
- Resolution to cancel the endorsement of few mining companies in Brooke's Point
- Resolution to create an NCIP Office in Brooke's Point from Española
- DAR issued the CLOA to Non IPs; Resolution for the CLOA owners to execute the Deed of Donation to LGU; then the LGU will give it back to the IPs by means of a Resolution. This was the agreement between IPs, LGUs and DAR.
- Provided/ bought the land for the IP Community with the help of the LGU budget
- Ordinance to create IP Office inside the Municipal Hall, not yet implemented by the Executive Branch of the Mayor
- Ordinance to declare that October is the IP month
- IPCC (IP Consultative Committee) member to sit in the Peace Panel – West Command is saying that NATRIPAL is infiltrated by NPA. NATRIPAL has been dragged for NPA Tagging. Seeking time for the WesCom and NATRIPAL's Officers to sitdown for the intelligence verification.

Recognition of the Barangay IPMRs *(They were recognized and applauded)*

OPEN FORUM

Q IPMR Guinto, Jr.: What is the basis of WestCom for red-tagging?

A IPMR Colili: Powerpoint Presentation in front of the media, different sectors and PNP. WestCom claimed it was based on their intelligence report. Ang tanong dito ay papano lilinis ang pangalan ng NATRIPAL? Kailangan upuan at i-verify.

Comment, John Mart: Matagal na ang intelligence report na 'yan time pa ng tatay ko. Sa West Coast in Apurawan ang sinasabi nila na ang lahat ng mga Tagbanua ay bahagi ng maka-kaliwang grupo. Ang CHR ay maaring makatulong sa atin sa pagpapatawag ng isang dialogue kasama ang mga security sectors.

Q, IPMR Rodrigo: Had a meeting with AFP Capt. and challenged to stay one night in the area to observe. Attended the IP gathering in Astoria Plaza a report says that Tagbanua, Palaw'an and Cuyunin are part of the leftist group. Commented: *"Kung mayroong iilan huwag idamay ang buong tribo ng Palawan."*

Q, IPMR Monico: Nakarating sa Sitio namin AFP. Ako mismo ang hinahanap at napagtanungan. Itinangi kong kilala ko 'yun hanahanap ang problema itinuro ako ng tao isang babae. Ang sabi naririnig madalas ang pangalan ko sa radio na

ipinatatawag ako sa NATRIPAL. Ang sabi ko Presidente ako ng grupo namin at miyembro ako ng NATRIPAL. Pinilit akong gawing asset. Pinatulog ako ng ilang gabi sa kampo nila. Hindi ako nag-sumbong.

Comment, Rev. Fr. Limsa: Ng magsimula akong mag-organize ng grupo inilagay nila ako sa point of battle – order “shoot to kill” pero ipinatawag ako ng mga Pulis sa Aborlan dahil kilala nila ako. Nagpunta ako sa WestCom at nilinis ko ang pangalan ko. Ang mahirap sa tumutulong sa mga mahihirap at mga naapi, ay ginagawa nilang komunista.

Comment, John Mart: Iba na ang gobyerno natin ngayon, mahigit na sa 300 na pangalan ang tumutulong sa mga Katutubo ang sinasabing maka-kaliwa. Kahit na ang ating UN Rapporteur Vicky Tauli-Corpuz na head ng Tebtebba ay isinasangkot sa pagiging maka-kaliwa. Nandito ang CHR para makita nila na isa ito sa mga paglabag sa ating mga karapatang pantao. Kung mayroon man na ibang tribo alam natin sa ating kunsensya na hindi tayo kasama sa mga ‘yun.

Q, Ms. Dionisia: Anong mekanismo ang maganda para makarating sa itaas ang mga usapin ng mga komunidad? Dapat ang gobyerno ang tumutulong sa atin hindi ang mang-gipit sa atin. Noon aktibo pa ang IPCB (IP Consultative Body) papano ba ito muling bubuhayin at maka-upong muli ang lima (5) kinatawan?

A, IPMR Colili: Urong-sulong ang mga plano ni PDU30 na dapat sana ay nabigyang daan na ang kapayapaan sa atin dahil tayo ay mayroong representative sa IP Peace Panel Committee (IP-PPC). Marami ang hindi pumayag na Katutubo dahil ang gusot ng Gobyerno at ng CPP-NPA kaya nagkaroon ng IP-PCC na separate. Ang kaguluhan ay nangyayari sa loob ng mga ancestral domain at mas kailangan pagtuunan ito ng gobyerno. Ang agenda ng buong IP sa Pilipinas ay nabuo na subalit ito ay nakabinbin ngayon.

Five (5) IPCB: Dr. Lieto, IPMR Lumis, IPMR Colili, IPMR Aguilar, Rico Valdez together with Comm Dabuit of NCIP

Q, Mr. Dante: Tanong sa IPMR ng San Vicente kung bakit hanggang ngayon ay wala pang balita para sa construction ng Multi-purpose Hall.

A, IPMR Rodriguez: Naka-address kay Gov. ang P50K budget for renovation thru IPMR. Ang na-approve lang ay P25K pero kinausap ang Accounting na gawing P50K at na-approve naman ito. Kailangan ma-inspect ng Engineering Office ang tribal site. Apat (4) na barangay ang nagkaroon ng P50K worth of construction materials para sa renovation at kinuha ito sa Supplemental Budget. Construction materials are now ready for deliveries.


Q, Participant: Alam ba ni SB ang... (can’t understand)

A, IPMR Colili: Ang Brooke's Point ay maraming CLC (Certificate of Lease Contract). Few days ago presented the FLUP kasama ang DENR at PCSD. Humingi na rin nag awing updated ang listahan ng CLCs sa DENR *[na dapat ay initiative na ito ng mga taga-DENR.]* Ang mga CLC ay naka-pangalan pa sa dating naka-upong leader na ngayon ay wala na. Ang mga expired na Certificate of Stewardship Contract (CSC) ay huwag ng i-renew.

Q, IPMR Myrna Port Barton: Naipa-receive na ang Resolution sa office ni IPMR Rodriguez para sa patubig pero matagal na wala pa ring action.

A, IPMR Rodriguez: Gumawa naman ako ng program of work sa patubig worth P60T at ang budget ay dadaan pa rin sa Munisipyo. Gagawa na lamang ulit ng isang program of work para magkaroon ng delivery of materials.

A, IPMR Lumis: May mga proseso po tayong dinadaan. Hindi dahil nakagawa tayo ng Resolution ngayon at bukas ay automatic may sagot na. Saka na lamang natin sisihin si IPMR sa Sangguniang kapag ito ay hindi nagawan ng aksyon.



Prelude

IPMR Lisag

- Transfer of funds and processing of materials c/o Engineering Office

IPMR Colili

- Division of Palawan into 3, Brooke's Point never heard of consultation, majority in the Sandigan Bayan voted for YES, IPMR is out-numbered in the votation
- Protested against the transfer of protected areas to ECAN Board Management
- 3 Big water sources inside the ancestral were used by LGUs without royalty share, only Brooke's Point has only been approved. Trying to fight for the IP Rights unfortunately outnumbered in the nominal voting

IPMR Limsa

- Makita ng mga susunod na magiging IPMR ang mga pagupursigi ng mga kasalukuyang IPMRs

IPMR Rodriguez

- Maraming pera ang San Vicente pero marami rin dinadaan, magbigay lamang ng mga tamang requirements para maayos
- Ilatag ng maayos ang mga CADT applications para hindi na maulit muli ang mga nangyari noong unang panahon na ibinenta sa mga dayuhan

WORKSHOP ON IP HUMAN RIGHTS OBSERVATORY (IPHRO)



Magandang hapon po, sa ngalan po ng dalawang Commissioners natin na nakatutok sa mga IPs Rights na sina Commissioner Roberto Cadiz at Commissioner Gwen Pimentel-Gana. Samantalang ang opisina po na humahawak ng IP Rights ay pinamumunuan ni Atty. Jess Torres ang Chief ng ESCR Center. Ang head naman ng mga centers ay nandito rin na si Dir. Basas.



Roy Cabonegro, CHR Consultant

I. INPUT: Resulta ng 2017 National Inquiry on IP Rights

Mayroon kayong kinatawan sa pag-pupulong na ginawa ng CHR, ang inyong presidente na si John Mart at iba pang mga IPMRs na dumalo.

A. Panimula: 2017 Pambansang Saklaw ng Konsultasyon

- 67 Tribo (10-Visayas, 10 MIMAROPA, 11 Luzon mainland, 18 Central Mindanao, 18 BaSulTa & Southern Mindanao) - 180 IP Representatives
- 424 Participants (41% babae, > 10% kabataan)
- 20 NGAs (NCIP, NCCA, DENR, PSA, DA, DENR, DepED, DSWD, DILG, NAPC, PNP, AFP, Minda, PCSD, DoT, DoH, DOLE, SSS, NHA, NEDA)
- Gastos ng CHR: Php 4M, 89% ng budget

B. Mga Hamon sa Ngayon

- Pareho ang hamon sa gobyerno at mga NGO: dapat nilang makita na hindi pare-pareho ang kalagayan ng mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran.
- Ang pagsasabuhay ng karapatan sa sariling-pasya at sariling-pamamahala sa loob ng lupaing ninuno ay puwedeng magka-iba-iba depende sa kani-kanilang sitwasyon.
- Ang isang programa na inilalapat sa lahat ay posibleng magkaroon ng magkakaibang epekto dala ng maraming kadahilanan.

Mga Problema ng Katutubo:



KULANG SA PARTISIPASYON NG MGA KATUTUBO SA USAPING AUTONOMIYA (e.g. Bangsamoro)

Other notes:

- Ang iba ay walang CADT, walang hawak na titulo, hindi pa naka-apply, etc. Nagdudulot ito upang maging mahina ang kakayahan para maisulong ang karapatan.
- Malinaw na lumabas sa konsultasyon na may mga tulong ang gobyerno ngunit ito ay hindi sapat
- Ang mga tinatamaan na komunidad ay may kababaihan, kabataan, mga bata, matatanda at ang mga IPs na paikot-ikot sa ibang lugar

Paguugat:

1. Diskriminasyon laban sa mga Katutubo – *maraming hindi inuunawa ang mga sitwasyon ng mga IPs. Kailangan itong baguhin.*
2. Kulang sa kakayanan ng mga duty bearer (obligadong magpatupad) – *hindi naman ikinakaila ng NCIP na kulang ang kanilang kakayanan at ang iba pang ahensya ng gobyerno.*
3. Kaguluhan (conflicts) na pumapasok sa lipunang Katutubo (dulot ng banggang interest sa likas yaman at mga nagbabangaang p'wersang may armas na humahati sa lipunang Katutubo) – *galing ito sa labas na pumapasok sa inyong mga mga teritoryo at komunidad*

C. Mga Pangunahing Kongklusyon...

1. Walang kasiguruhan ang karamihan sa lupaing ninuno; kulang ang proteksyon sa karapatan sa integridad ng kultura, kaya nasa panganib ang Katutubong kakanyahan o identidad (Indigenous Identity); nawawalan ng tahanan at naaagawan ng yaman ang mga Katutubo.
2. Laganap ang paglabag sa FPIC (Free, Prior and Informed Consent); mahina ang representasyon ng mga Katutubo; naisasantabi ang Katutubong proseso ng pagpapasya at sariling-pamamahala.
3. Kulang ang kakayahan ng mga may katungkulan sa Gobyerno na itaguyod ang Karapatan sa Pag-unlad ng Katutubo; kulang din ang tulong upang maipatupad ang Ancestral Domain Sustainable Development and Protection Plans (ADSDPP); - *walang direktang suporta ang Estado dahil ito ay wala sa batas na kailangan pondohan ang pag-gawa ng ADSDPP*
4. Kulang ang proteksyon at patuloy ang diskriminasyon sa mahihinang sector ng sambayanang Katutubo (hal. kababaihan, bata at kabataan, matatanda, bakwit at mga palipat-lipat ng tirahan)
5. Kulang ang pagtulak sa Karapatan ng Katutubo sa usaping autonomiya at usapang pangkapayapaan. – *sa ilang lugar hindi sa lahat ng lugar*

Ang Thematic Areas ng NCIP ay galing rin sa isang malawakang konsultasyon na ginawa nila noong 2014.

NCIPs 14 Thematic Areas of Challenges			CHR IP National Inquiry Recurring Issues Reported	Root Causes
1. Formal Recognition of Ancestral Domains	12. NCI Capacity to deliver Mandates 13. Lack of Information on IP Rights 14. Discrimination	1. Secure Ancestral Domain, Land, & Integrity of Ecosystem and Free, Prior, Informed Consent 2. Self Governance & Representation 3. Supporting IP Socio-Economic, Cultural Devt through ADSDPP Full Implementation 4. Full Consideration of IP Rights in Autonomy & Peace Talk Efforts	5. Protection of Most Vulnerable IP Sectors	DISCRIMINATION INSUFFICIENT CAPACITY OF STATE DUTY BEARERS CONFLICTS IN AD (due to Development aggression and armed conflicts)
2. Control & Management of ADs				
3. Destruction of Ecosystems within ADs				
4. Non Compliance & Violation of FPIC				
5. Overlapping Claims Over Ancestral Domains				
6. Displacement from Ancestral Domains				
7. IP Governance is Weak				
8. Non Recognition of IP Leaders				
9. Impact of Government Services Not Felt				
10. IP Cultural Disintegration				
11. Peace & Security				

Nakita ng CHR na ito ay nag-uugat sa limang (5) isyu na p'wedeng matugunan at ito ay nag-uugat sa tatlong (3) malalalim na isyu.

Kaukulang Tugon sa papamagitan ng IPHRO:	
UGAT SA PROBLEMA	KAUKULANG TUGON
DISKRIMINASYON LABAN SA KATUTUBO	1) Emergency Response Mechanisms and Thematic Technical Working Groups: Para sa mabilisang pagtugon sa mga usaping pang-kagyatan at teknikal
KULANG SA KAKAYANAN NG DUTY BEARER (obligado magpatupad ng karapatan)	2) Adoption of a common HRBA M&E system with a built-in process for FPIC: Para pag-isahin ang sistema ng pagbabantay (M&E) sa kalagayan ng kaparatang pantao.
KAGULUHANG (Conflicts) na PUMAPASOK SA LIPUNANG KATUTUBO (dulat ng banggang interest sa likas yaman at mga nagbabangaang puwersang may armas na humahati sa lipunang katutubo)	3) Protection and Promotion of IP Rights through Mediation and Arbitration: Para protektahan ang karapatan ng katutubo sa tulong ng Tagapamagitan (Mediation) at Tagapakasunduan (Arbitration).

Notes:

- Magkaroon ng isang maayos na mekanismo sa mabilisang pag-tugon sa mga problema at isyu ng mga Katutubo
- Mahina ang monitoring ng mga sitwasyon ng mga Katutubo
- Kakaunti ang nakaka-unawa ng kalagayan ng mga Katutubo

- Kailangan ang mga IPMRs ay guided sa mga sitwasyon ng komunidad. Ang kanilang representasyon ay batay sa sitwasyon at batay sa katotohanan (evidence-based)
- Dahil sa Unduran nagkaroon ng pagbabago. Mahihirapan tayong lahat. Hindi kultura ng mga IPs ang pumunta sa korte, hindi naka-sanayan na magpunta sa korte at mabagal talaga ang ating korte.
- Ang arbitration and mediation ay s'yang gumigitna sa kaguluhan. Dapat mayroong pagkakatiwalaan. Dapat mayroong magreresolba.

Q, Participant: Ano ang sagot sa diskriminasyon?

A, Mr. Cabonegro: Ang dapat ay edukasyon. Mga edukasyon sa teknikal katulad ng legal, proseso ng gobyerno, etc.

Q, Participant: Ang kahirapan ang ugat upang hindi makapag-aral ang mga anak. Tumutulong sa mga gawain at 'yun ang uunahin kesa sa edukasyon. Bigyan na lamang ng libreng pag-aaral ang lahat ng Katutubo.

A, Mr. Cabonegro: Ito po ay isang pamamaraan na makikita nating may pagbabago, ang mungkahi namin ay...

Porsyento (%) ng ADs na: a) may IP Schools na may IP Teachers at gumagamit ng salita ng tribo, b) ginagamit na Tribal Hall sa tamang paggamit, c) katutubong kaalaman na naitala at pagmamayari ng tribo, d) iba pa...

P'wdeng dagdagan ito ng: libre, fully funded, simula elementary hanggang college ba dapat?

II. INPUT: Ano at Paano itatatag ang IP HRO-Palawan?

Ang Obserbatoryo at "atin" tulungan n'yo lamang po kaming i-conceptualize. Ang mga ibabahagi namin ay mga ilang ideya namin at hindi pa alam kung anong final na hitsura.

Mungkahi: OBSERBATORYO NG KARAPATANG PANTAO NG
MGA TRIBO SA PALAWAN (IP HRO-PALAWAN)

SOSYOHAN NG CHR, MGA TRIBO, GOBYERNO AT NGOS
UPANG MA RESPETO, MA PROTEKSYONAN AT
MAISAKATUPARAN ANG KARAPANG PANTAO AT
KARAPATAN NG KATUTUBO

Hindi lamang dapat na CHR at kayo, dapat ay kasama ang mga ibang ahensya ng gobyerno at iba pang NGOS. P'wedeng pumagitna ang CHR. Magpulung-pulong, balikan ang mga plano at magkaroon ng singilan.

LAYUNIN NG IP HRO-PALAWAN

- 1) Mapagkaisa ang mga Tribo sa Palawan [*hindi lamang sana ang tatlong (3) tribo kundi ang lahat ng pitong (7) tribo*] ahensyang gobyerno, LGUs, CHR at NGOs kung ano-ano ang mga problema ng mga Tribo at isang 2-3 na taong plano upang matugunan ang mga problemang ito;
- 2) Makagawa ng sistema upang magkaroon ng maayos na datos o impormasyon na magagamit upang i-monitor ang implementasyon ng pagresolba ng mga problema ng mga IPs sa Palawan;
- 3) Makapili at maka endorso ang mga Tribo ng mga abogadong bibigyan ng training [*dahil hindi lahat ng abogado ay mayroong kaalaman sa arbitration and mediation*] sa Tagapamagitan (Mediation) at Tagapakasunduan (Arbitration) upang makatulong na ayusin ang mga kasong saklaw ang isang IP at non-IP;
- 4) Makapagtayo ng isang WORKING GROUP na magsisiguro na maipatutupad ang mga plano; - *p'wedeng kasama ang mga CSOs at ang kumpanya*

Atty. Torres: Ang salitang Mediation at Arbitration ay teknikal na salita. Ang ibig sabihin ng “Mediation” ay mayroon lamang isang tao na namamagitan. Ito ay nasa “middle” o pumapagitna. Halimbawa ang Tagbanua ay may isyu sa isang kumpanya, mayroon tayong isang matatawag ng pulong na kagaya ng CHR.



Atty. Jess Torres
Chief ESCR

Mediation Set-up:



Ang gagawin ng Mediator ay kukumbinsihin n’ya kung anong kalakasan at kahinaan ng magkabilang grupo. Hindi po gagawa ng desisyon ang Mediator, s’ya po ay magpa-facilitate lamang.

Samantalang ang sa “Arbitration” naman ay kinakailangan nang mag-desisyon ng taong pumagitna o ang Mediator. Base ito pinagkasunduan ng dalawang partido o ayon sa pag-sangayon ng dalawang partido.



Ang dalawang panig ay dapat mag-submit ng kanilang mga sarili kung ito ay nasa Arbitrator na. Kung anuman ang rule na gagawin ng Arbitrator ay susundin na lamang dalawang panig.

Q, Mr. Cabonegro: P'wede po bang maging panel ang Arbiter?

A, Atty. Torres: P'wede po.

Mr. Cabonegro: P'wedeng kayo na ang pipili ng magiging Arbiter ninyo, ang isang Arbiter ay rekomenda ng kabilang panig at ang pangatlong Arbiter ay ang CHR.

Anong BAGONG PARAAN?

- Gigitna ang CHR sa isang lokal na mekanismo ng sosyohan (partnership): IP-CHR-GOV AGENCY-LGU-NGOS
- May sistema ng direktang pag rereport ng mga nangyayari sa kalagayan ng tribo at implementasyon ng programa – *mga human rights sa inyong mga komunidad.*
- May suporta sa pagpapamagitan (mediation) at pagkasunduan (arbitration) para maayos ang mga kaso sa pamamagitan ng IP & NON-IP

PROSESO NG PAGGAWA NG 2-3 WORKPLAN

- 1) WORKSHOP ng mga IPs, CHR, Government Agencies, LGUs at NGOs upang mapagkaisahan kung ano ano ang mga problema ng mga IP at ano ano ang mga options sa aksyon na kailangang gawin
- 2) Magtayo ng WORKING GROUP na magpupulong kada ika-3 buwan upang i-monitor at ikoordinang implementasyon ng mga plano. Maaaring CHR ang magpatawag nito – *ito ay dapat madalas at dapat regular na mekanismo*

PROSESO NG PAGGAWA SA SISTEMA NG DATOS AT MONITORING

- 1) Magkaisa sa kung ano ano ang mga mahahalagang bagay na dapat bantayan o i-monitor upang malaman kung gumagalaw ng maayos ang ating implementasyon ng mga plano
- 2) Magkaisa sa isang sistema ng pagpapadala ng datos at ulat direkta mula sa mga tribo sa CHR upang maisama sa sistema ng monitoring

POSIBLENG PARAAN PAANO MALAMAN KUNG NAUSAD AND MGA SOLUSYON

Mga Kailangang Babantan na mga Batayan	KARAPATAN SA LUPANG NINUNO	KARAPATAN SA SARILING PAMUMUNO AT PAGPAPALAKAS	KARAPATANG PANTAO AT HUSTISYANG PANLIPUNAN	KARAPATAN SA INTEGRIDAD NG SARILING KULTURA
OUTCOMES (ANG KASALUKUYANG SITWASYON)	Porsyento (%) ng lahat ng Tribu na gusto ng CADT na may rehistradong CADT at may kontrol sa kanilang territoryo	Bilang ng Pagsuway (Violations) sa FPIC (Free Prior Informed Consent) Bilang ng ADSDPP na napondohan ng Estado/ Porsyento ng napondohan	Bilang ng mga Human Rights Violations (Kaso ng Pagyurak sa Karapatang Pantao ng mga IPs) na nai ulat, na aksyunan at naresulta	Porsyento (%) ng ADs na: a) may IP Schools na may IP Teachers at gumagamit ng salita ng tribu, b) ginagamit na Tribal Hall sa tamang paggamit, c) katutubong kaalaman na naitala at pagmamayari ng tribu, d) iba pa...


Mula po ito sa Inquiry Report, at sa tingin namin ito ang kailangan bantayan sa buong Tribo ng Pilipinas. Ang ayaw magkaroon ng CADT ay hindi bibilangin.

Ang pagbilang ng lumalabag sa FPIC ay makikita kung dumarami o nababawasan? Kung dumarami ang Esatado ay hindi gumagawa ng kanilang tungkulin.

Tandaan lamang kung ang kaso ng pag-labag sa human rights ay kasalanan ng isang taga-Estado ito ay iimbestigahan ng CHR. Kung ito naman ay hindi ang Estado mismo ang magiimbestiga. Hal. Ang kapit-bahay ninyo ang may kasalanan, ibibigay namin ito sa isang ahensya na dapat mag-imbestiga; pero kung ang kapit-bahay ninyo ay isang taga-ahensya, pulis, military, o taga-LGU ito ay iimbestigahan ng CHR. Iba po ang karapatang pantao ng iisang tao sa karapatang pantao ng isang bilang Katutubo.

Ang ibig sabihin ng resolba ay nagkaroon ng resolution, nakulong ang may kasalanan, nabayaran ang daños y perjuicios, at iba pa.

Ang mga tungkol sa inyong kultura ay napaka-halaga at ito ang dapat tutukan.



Ang Paguulat:

- 1) Sa ngayon p'wede tayong gumamit ng kahit hindi mga hitech na cellphone, kahit mga analog lamang ay p'wede.
- 2) Mag-sumite ng mga dokumento sa CHR, ito man ay pictures, videos, o naka-sulat
- 3) Ang iba naman na mayroong computer ay pwede.

Kung maari lamang sana ay dadaan lahat sa NATRIPAL. Malalaman at mabe-verify na ng NATRIPAL kung ito ay pekeng balita lamang. P'wedeng sabihin ng NATRIPAL na ang taong 'yun ay mapagkakatiwalaan pag-dating sa reporting kaya po kailangan ng partner. Ito ay hindi na namin tatanungin dahil ito ay aprubado na ng NATRIPAL.

Ang impormasyon ay babalik sa inyo para malaman ninyo kung ano ang nangyari dito (feedback). Kahit namin kakilala (Anonymous) ito ay babalik sa inyo base sa ibingay ninyong impormasyon.

P'wedeng ang bahagi ng inyong ulat ay makikita sa website.

Ang mga p'wedeng gawin ng CHR ay ang mga sumusunod:

- Legal
- Investigation
- Policy – *p'wede kaming mag-bigay ng isang polisiya para magkaroon ng bagong batas na irerekomenda sa Estado o kaya ay gamitin para sa isang adbokasiya*

- Promotions – *ito ay kung kailangan ninyo ng may magpapaliwanag sa inyo ng tungkol sa human rights*
- Victims Support – *may mga special services po kami lalo na ang mga high profile, kasama po ang Witness Protection Program, may maliit na pinansyal na suporta para makatulong na ibalik sa dati ang kanilang buhay (ito ay hindi bayad)*

Ang mga reports ng CHR ay ibinibigay sa mga ahensya na dapat umaksyon at babantayan naman ng ito ng CHR.

PROSESO NG PAGGAWA SA SISTEMA NG PAGPAPAMAGITAN (MEDIATION) AT PAGKAKASUNDUAN (ARBITRATION)

- 1) Mag eendorso ang Tribu ng mga abogadong pinagkakatiwalaan nilang maging tagapagpamagitan (Mediator) at tagapagkasunduan (Arbitrator) na bibigyan ng training ng CHR
- 2) Magpasa ang NCIP ng polisiya na magrerequire ng mandatory na arbitration sa mga kaso ng IP at non-IP
- 3) Sa arbitration and non IP ay pipili ng sarili nilang arbiter, and IP ay pipili sa kanilang inindorso at pangatlong arbiter and CHR

Talakayan at Workshop Ukol sa Mekanismo ng Lokal na Partnership para sa Obserbatoryo ng Karapataang Pantao (HRO) para sa Palawan

Ang aming mungkahi dito ay dapat praktikal. Kung Partnership po ang gagawin natin dito ano ang mga bagay na gagawin in particular? Ang mga p'wedeng gawin sa mga susunod na 2 hanggang 3 taon.

GABAY SA WORKSHOP

Batay sa pagkakaunawa nyo sa kung ano ang IP HRO-Palawan, ano ang mga PROBLEMA ng inyong mga Tribo na maaaring matugunan nito? Paki lista ang mga problema at paki lista ayon sa prioridad. Una ang pinakamahalaga

Hindi lahat ng problema ang dapat ilagay. Isipin kung ano lamang ang matutugunan ng isang obserbatoryo.

Isa-isahin ang unang 5-10 mga PROBLEMA at ilatag kung ano ang dapat na solusyon at mga gawaing magdadala ng solusyon sa loob ng 2-3 taon

Problema	Solusyon	Gawaing magdadala ng solusyon	Kailan gagawin	Saan gagawin	Magkano o ano ang kailangan	Sino-sino ang gagawa

Isiping mabuti kung:

- Ano ang problema?
- Ano ang solusyon?
- Ano ang dapat gawin upang masolusyunan?
- Saan gagawin?
- Sino ang gagawa?
- Magkano ang kailangan?

Dapat ay konkretong plano hindi lamang listahan ng dapat gawin.

Ang imporatante dito ay mayroon tayong:

- 1) common na plano
- 2) working group na permanente
- 3) regular na pagpupulong

Hatiin natin ang grupo sa tatlo (3): North, South at Central. Magbigay kayo ng mga suhest'yon kung papano natin gagawin ang ating plano.

WORKSHOP RESULT

Northern Area:

Agutya, Araceli, Busanga, Cagayancillo, Culion, Dumarán, El Nido, Kalayaan, Linapacan, Magsaysay, Roxas, San Vicente, Taytay

North Group Rapporteur:

Ms. Elsie Masa



IPHRO - NORTH Group						
Problema	Solusyon	Gawaing magdadala ng Solusyon	Kailan gagawin?	Saan Gagawin?	Magkano o ano ang gagawin?	Sinu-sino ang gagawa?
CADT	pondo	Application para sa CADT	2019	Komunidad ng: - Roxas - San Vicente - Taytay	Plano at pag-uusap	IP/ CHR/ NCIP/ NATRIPAL/ LGU
Hindi pagkilala ng estado sa customary law at IPRA Law	pondo	IEC, IP and Non-IP (e.g. LGUs and community)	2019	Komunidad ng: - Roxas - San Vicente - Taytay	Plano at pag-uusap	IP/ CHR/ NCIP/ NATRIPAL / LGU
Kawalan ng Education sa riling wika	Request sa DepED ng pondo para sa guro	Pasilidad sa building	2019	Komunidad ng: - Roxas - San Vicente - Taytay	Request P2M/ Resolution	IP/ NGO/ LGU/ NCIP

IPHRO - NORTH Group						
Problema	Solusyon	Gawaing magdadala ng Solusyon	Kailan gagawin?	Saan Gagawin?	Magkano o ano ang gagawin?	Sinu-sino ang gagawa?
Pagsukat ng company management sa loob ng lupain ninuno	*** No sol'n	Lumapit sa DENR/ LGU	2019	Komunidad ng: - Roxas - San Vicente - Taytay	Request/ Resolution	NATRIPAL / CHR/ NCIP
Malinis na tubig	Magkaroon ng pondo	Water system	Ngayong 2019	Komunidad ng: - Roxas - San Vicente - Taytay	P3M	LGU/ Community
Pagpasok ng mga dayuhan sa CADC at CADT	Tulong ng DENR/ NCIP	Coordination ng DENR/ NCIP	Sa lalong medaling panahon	Komunidad ng: - Roxas - San Vicente - Taytay	Plano at pag-uusap	IP Sector/ DENR/ NCIP/ CHR
Bilihan ng lupa sa loob ng ancestral domain	Tulong ng DENR/ NCIP**	Coordination ng DENR/ NCIP	Sa lalong medaling panahon	Komunidad ng: - Roxas - San Vicente - Taytay	Plano at pag-uusap	IP Sector/ DENR/ NCIP
<i>(Base sa orihinal na pagka-sulat ng grupo)</i>						



North Group

Notes:

- **Suggested sol'n***** - magkaroon ng FPIC sa dadanan ng royekto; hindi naman tinanggal ang mga proyekto dapat lamang ay dumaan sa tamang proseso para maipaliwanag ang kabuoan ng proyektyo kung ito ay makabubuti o makasasama; ang kasama dito ay ang Province/ Municipal/ LGUs; ang Palawan ay mayoong 720T hectares from ridge to ridge (simula kabundukan hanggang sa karagatan);
- ** Idagdag ang CHR para tumulong
- Alam ng DepEd na kailangan ng mga guro ng mga IP, ngunit hindi alam kung papano ito makakarating sa pamunuan ng DepEd at ma-pondohan

Central Area
Aborlan, Puerto Princesa

Central Group Rapporteur:
Mr. Ronald Olorga



IPHRO - CENTRAL Group						
Problema	Solusyon	Gawaing magdadala ng Solusyon?	Kailan gagawin ?	Saan Gagawin?	Magkano o ano ang gagawin?	Sinu-sino ang gagawa?
Edukasyon	Magkaroon ng iskwelahan sa liblib na lugar at kasama ang mga guro	Sulat at resolusyon sa kinauukulang ahensya na makaka-tulong sa Katutubo*	Dec 2018	- Komunidad at barangay** - Tagabinit - Sapangan - Napsan - Simpucan - Apunawan - Kumundagat - Saub	Pinansyal at pagkain depende sa layo ng lugar***	Mga taga kumunidad at barangay - IPMR - I-address sa NATRIPAL at NGOs - CHR
Pagpasok ng mga negosyante sa lupaing ninuno na walang FPIC	FPIC sa Katutubo	Gagawa ng sulat at resolusyon papunta sa NCIP at Mayor's Office#	2018	- Babuyan - Wagyon - Simpucan - Mauyo	Pinansyal at pagkain	Pamunuan ng mga Katutubo at sa mga ahensya ng gobyerno NCIP, NATRIPAL, CHR

IPHRO - CENTRAL Group						
Problema	Solusyon	Gawaing magdadala ng Solusyon?	Kailan gagawin ?	Saan Gagawin?	Magkano o ano ang gagawin?	Sinu-sino ang gagawa?
Pagpasok ng mga migrante sa lupaing ninuno@	Ipatatawag sa pamunuan ng Katutubo at pagkakauupin (?)	Basahin at ipaliwanag ang regulasyon ng komunidad sa dayuhan@@	2018	- Pamunuan, Katutubong komunidad - Halos lahat ng barangay@@@	Pinansyal at pagkain	Pamunuan ng mga Katutubo at sa mga ahensya ng gobyerno NCIP, NATRIPAL, CHR
Hindi nirerespeto ng migrante ang IPRA Law	Ipatatawag sa pamunuan ng Katutubo at pagkakaupim (?)	Basahin at ipaliwanag ang regulasyon ng komunidad sa dayuhan	2018	- Pamunuan, Katutubong komunidad - Halos lahat ng barangay	Pinansyal at pagkain	Pamunuan ng mga Katutubo at sa mga ahensya ng gobyerno NCIP, NATRIPAL, CHR
Kakulangan sa IEC patungkol sa IPRA Law ang Katutubong Pamayanan	Magimbenta ng kinatawang NCIP, CHR, NATRIPAL	Magsagawa ng IEC patungkol sa IPRA Law sa pamayanan at patungkol sa karapatang pantao	2018	- Sa kumunidad o klaster barangay	P150T	Katutubo ng komunidad, leader, council of elders at mga taga-gobyerno at NGO, NATRIPAL, NCIP, CHR
Walang pondo ang IKSP (Indigenous Knowledge System and practice)	Mangalap ng pondo/ tulungan ang NATRIPAL§	Magpadala ng sulat sa NATRIPAL§	2019	- Tribal Hall ng Apurawan§	Pinansyal, transpo, P5M	Kababaihan Kabataan Tradisyunal leader NCIP, NATRIPAL, Samahan

IPHRO - CENTRAL Group						
Problema	Solusyon	Gawaing magdadala ng Solusyon?	Kailan gagawin ?	Saan Gagawin?	Magkano o ano ang gagawin?	Sinu-sino ang gagawa?
Kahirapan	Hanap ng pondo sa DA, DSWD	Livelihood		- Tribal hall - Komunidad - Ampucan - Natwa		
Mabagal na aksyon ng NCIP sa pag-proseso ng CADT	Walang sawang pag-follow up sa NCIP	Magpareceive ng copy sa mga partners	2018	- Sa ahensyang NCIP	P150K	Katutubo ng komunidad, leader, council of elders at mga taga-gobyerno at NGO NATRIPAL, NCIP, CHR
<i>(Base sa orihinal na pagka-sulat ng grupo)</i>						



Central Group

Notes:

- *idagdag sana ang NCIP
- **Magtulungan na gumawa ng sulat ang mga nasa komunidad papunta ng Barangay (*petition from the community*). Ang Barangay ay gumawa ng resolution para ipadala sa mga ahensya ng gobyerno; kasama ang Aborlan sa mga bayan
- ***hindi kayang mag-estimate kung magkano ang magagastos
- #ang sinasabi ng mg ainvestors tapos na ang papeles sa itaas kaya ang mga Katutubo ay p'wersado na pumayag ang madalas sabihin ay malaki na ang nagastos nila; Halimbawa sa Brgy. Mauyo hinarang ang mga papeles dahil walang FPIC
- @karamihan sa bumibili at pumapasok sa lupaing ninuno ay mayayaman – kailangan ipatawag ang mga pamunuan ng mga Katutubo upang kausapin
- @@ umaasang matutulungan ng NCIP, NATRIPAL at ng CHR
- @@@ lahat ng mga barangay na pinasok na ng mga migrante
- §idagdag ang CHR na makatulong at iba pang ahensya; gagawin sa Tribal Hall ng Apurawan

South Area:

Balabac, Bataraza, Brooke's Point, Narra, Quezon, Rizal, Sofronio Española

South Group Rapporteur

Mr. Herbert Dadison



IPHRO – SOUTH GROUP						
Problema	Solusyon	Gawaing magdadala ng Solusyon?	Kailan gagawin?	Saan Gagawin?	Magkano o Ano ang gagawin?	Sinu-sino ang gagawa?
<u>CADT Registration*</u> - Berong - Aramaywan - Maasin - Sowangan - Napsan - Simpokan - Baraki - Kabigaan	Pagpaparehistro sa RD	Humingi ng tulong sa CHR	2019	Capitol ng Palawan	P500K	NCIP, NATRIPAL NGO DENR PCSD IP Stakeholders
<u>CADT Pagsusukat</u> - Narra - Brooke's Point - Quezon - Española - Rizal	Pagpapasurvey sa GE (Geodetic Engineer) **	Humingi ng tulong sa CHR	2019	Sa bawat munispyo	P1.5 M bawat munispyo	NCIP, CHR, LGU, NATRIPAL NGO

IPHRO – SOUTH GROUP						
Problema	Solusyon	Gawaing magdadala ng Solusyon?	Kailan gagawin?	Saan Gagawin?	Magkano o Ano ang gagawin?	Sinu-sino ang gagawa?
Deskriminasyon	Edukasyon Pang-Katutubong Paaralan***	Humingi ng tulong sa CHR***	2019-2021	DepEd Province	P3M***	NATRIPAL, DepEd, CHR Palawan, Tagbanua, Batak
Customary Laws a) Hindi pagkilala sa Katutubong kasal b) Hilot sa panganganak@	Kilalanin at igalang ng istado	CHR, NCIP	2019-20121	RHU, DOH, NCR@@	P500K	NATRIPAL, CHR, DOH@@
Aplikasyon ng Almasiga#	Kansilahin ang aplikasyon ni Ana Laura Edward (Hindi Katutubo)	CHR, NCIP, DENR	2019	a) Brooke's Point b) Quezon	P500K	NATRIPAL, NTFP-EP, NCIP, CHR, DENR, IP
(Base sa orihinal na pagka-sulat ng grupo)						



South Group

Notes:

- *CADT has been awarded but not yet registered
- **lumapit na sa DENR pero ang sinabi ay may problema sila sa Engineer – hindi alam kung mayroon o wala
- ***siguraduhing walang Tagalog o ibang lingwahe – dapat ito ay purong lingwahe lamang ng mga Katutubo; ang P3M na budget ay para sa pagpapagawa ng IP school at kinakailangan ng ayuda ng CHR
- @ang mga Katutubong may kaalaman sa panganganak ay ginigipit
- @@ idagdag ang mga Katutubong Lider; kailangan ng dyalogo kasama ang mg RHU, at iba pang ahensya ng gobyerno
- # ang mga Katutubo ay walang permit samantalang ang ibang hindi IP ay mayroong permit
- Quezon – ang Berong at Aramaywan ay may division na hindi pa ma-resolve, ang COCs ay hindi pa ma-release sa mining pero sa sentro ito nag-ooperate; kailangan ng tulong ng CHR upang mabigyan ng solusyon ang pagitan ng dalawang lugar; ipatawag ng CHR ang pamunuan ng DMCI dahil nasira na rin ang mga punong kahoy at sisimentuhin na ang lugar – *isang dyalogo na kasama ang DMCI, CHR, NCIP at mga Katutubo*

SUMMARY of ISSUES and CONCERNS

Eight (8) Activities has been identified namely:

- 1) FPIC for the Co-Management Bill
- 2) IEC on IPRA and Human Rights – *materials and education*
- 3) Basic Services – e.g. IP school, IP teacher, IP language, IP Curriculum
- 4) Water System – LGU to provide
- 5) Dialogue – between migrants, companies (DMCI), other agencies
- 6) IKSP
- 7) Cancellation of almaciga permit – *follow-up NCIP regarding this matter*
- 8) Financial Support – annual plans of IPMR

Some concerns can be harmonized thru (*result of the National Inquiry*):

- 1) Inter-agency meeting for the updates such as JAO
- 2) Partnership with different organization for financial support, including government agencies who can implement projects with funds
- 3) Part of the CHR Agenda in the IPHRO upon signing of Contract/ Partnership Agreement

PROTEST AGAINST CUYUNIN

Reporter: IPMR Ricardo Pandinio, Brgy. Simpukan Puerto

- Problema ng mga kautubo ang pagpasok ng mga Cuyunen upang maging IPMR sa City at sa Barangay na wala naman silang Ancestral Domain/ CADT
- Problema ng mga Katutubong Tagbanua ay pondo para sa pagpasukat ng lupaing ninuno ng mga Katutubo

Solusyon

- Gumawa ng petisyon ang mga tribal tradisyunal leader sa bawat komunidad
- Gumawa ng resolusyon, petisyon na huwag pahintulutan ang Cuyunen na maging IPMR sa City at sa barangay kasi wala silang CADT at Ancestral Domain
- May katungkulan na rin ang mga Cuyunen sa 2018
- Mabigyan ng pondo mula sa NCIP, NGO, LGO sa pagpapasukat



Magkano ang pangangailangan

- P10,000 sa tulong ng NATRIPAL, CHR, mga tradisyunal leader at komunidad
- P1.5M bawat komunidad na wala pang CADT

(*taken as written by IPMR Pandinio*)

Notes:

- Wala pa ang ang IPRA mayroon ng tribal position ang mga ibang IPs, samantalang walang lupa ang mga Cuyunin
- Noong ma-implement ang pagkakaroon ng IPMR ang ibang mga Katutubo ang nawalan ng posisyon. Ang mga nag-sikap at nag-hirap na mga Katutubo ay maiisantabi at ang mga nasa posisyon ay ang mga Cuyunin simula sa pinaka-mataas hanggang sa pagiging Barangay Tanod.
- Cuyunin is applying for bigger CADT area that will obliterate other IPs, a lot of Cuyunin are well educated and powerful unlike other IPs in Palawan

- The implementation of the IPMR is based on the law and the question now is if Cuyunin is IP? If Yes, they also have the right for the position.

IPMR Colili: Kung makuha ng Cuyunin ang IPMR position sa Provincial wala ng ibang p'wedeng maging Sectoral Representative dahil ang mga Regional Representatives ay Cunyunin na rin lahat. Ang NCIP ay nag-revised ng guidelines para sa selection process ng IPMR. Natalo kami sa argument na ang dapat bigyan ng posisyon ay ang mga IPs na mayroong ancestral domain lamang. Ang kailangan lamang ay alamin at patunayan ng NCIP kung ang mga Cuyunin ay isang tribo o hinde sa pamamagitan ng PIPES Program. Kasamaang palad ang PIPES ay hindi nabigyan ng pondo dahil sa mga Senador na humarang dito. Sa kasalukuyan ang Cuyunin ay isang IP ayon sa naka-sulat sa batas.

Mr. Cabonegro: Ano ang sinusundan sa ngayon, ito ba ay geographical setting hindi ethnographic?

IPMR Colili: Opo. Hindi pa nailabas ng NCIP ang bagong guidelines baka mahabol pa natin na ang dapat pag-basehan sa pag-pili ng IPMR ay ang mayroon lamang mga ancestral domain.

Mr. Cabonegro: Pag-isipan n'yo rin mabuti dahil mayroong mga IPs na nasa ibang bahagi ng Pilipinas na tinatawag na nomadic IPs at kasama ang mga Bajao na walang itinuturing na ancestral domain.

Dir. Basas: Lahat po ba ay naunawaan ang konsepto ng obserbatoryo?

Amay Ompong: Mayroon bang mga tao na galing sa pederasyon ang magiging tao doon sa observatory o kami bang lahat ay nasa observatory?



Mr. Cabonegro: Hindi po tayo nagtatayo ng isang mekanismo na may bagong opisyal. Hindi po ito bagong organisasyon, ito po isang bagong pamamaraan. Ito po ay mayroong proseso ng mediation and arbitration may direktang pagbibigay ng report, at mayroong partnership ng NGOs, NGAs at CHR.

Kung ang ibig sabihin n'yo pong sabihin sa tao ay pagta-trabahuan natin ito ng sabaysabay? Ang sagot po ay OO.

Ang grupo ba ay mula sa inyo? Ang sagot po ay OO pero hindi magiging empleyado ng CHR at ito ay regular na dadalo sa dyalog.

Dir. Basas: May dalawang mahahalagang bagay na dapat mangyari: a) magkaroon ng dokumentasyon and reporting – ito ang magiging mahalang partisipasyon ninyo; b) mag-a-attend sa mga dialogues para malaman kung anong nangyayari sa ating programa. Kung may report may aksyon, matututukan na natin ito.

Mr. Cabonegro: Hindi namin naipakita na ito ay isang mekanismong online na makikita ng mga tao sa buong mundo. Kung cellphone ang gagamitin, magkakaroon tayo ng iisang numero at iisipin natin kung sino lamang ang p’wedeng mag-text. Kayo mismo ang magsasabi kung sino ang dapat ninyong pagkatiwalaan bawat grupo o barangay, tribo o isang lugar. Dahil sa pinagkakatiwalaan ninyo ang tao na ‘yun – ang tawag po ay verified report o totoong report. Hindi po ito kagaya ng pagsusumbong kay Tulfo. Mag-ingat rin po kayo dahil baka masira ang buhay ng isang tao na ire-report ninyo.

Ang tanong ay kung papano ang mag-report? May training po tayong gagawin dito.

IPMR Limsa: Tungkol sa reporting kung ang problema ay tungkol lamang sa mga Katutubo hindi ito dapat i-report sa human rights.

Participant: Gusto kong makasama ang CHR. Maraming problema sa Quezon na kailangan natin sila.

Ms. Elsie Masa, Taytay: Magkaroon tayo ng agarang aksyon at ma-resolba ang mga problema sa komunidad. Magiging maganda ito para sa atin, dahil takot ang mga tao sa komunidad hindi kasi alam kung sino ang kakampi. Tanggapin natin ang offer ng CHR.

Ranger Eliseo F. Rodrigo: Ang daming batas andyan ang E-NIPAS, ECAN, etc. pero ang katungali ay IPRA lamang. Nayuyurakan ang karapatan namin dahil naiipit kami sa mga nag-u-umpugang bato. Maganda ito para sa atin.

Pastor Danuel A. Melan: Mas magandang may training ang mga magre-report dahil wala tayong idea. Salamat po at nandito kayo para tumulong.

Motion to approve the IPHRO “Iminumungkahi ang pagtanggap ng IPHRO para sa mga Katutubo”:

Herbert Dadizon – 1st motion

IPMR Sapdul Guinto, Jr. – 2nd the motion

Therefore the motion for the agreement that the agreement between CHR and NATRIPAL to establish a mechanism called IPHRO is approved.

MESSAGE



Hon. Luis M. Marcaida III
City Vice Mayor

Maraming Salamat sa pag-imbata sa amin. Sa ating mga Tribal Chieftain at sa mga Katutubo sa iba't ibang sulok ng Palawan. Sa ating mga bisita, sa mga taga-CHR, kay Dr. Basas at Atty. Jess magandang umaga po.

Advance Merry Christmas at Happy New Year. Maganda po ang ganitong pag-pupulong na may temang Edukasyon sa maunlad na pamumuno. Maganda po ito para sa ating mga namumuno na mayroon tayong sapat na kaalaman at edukasyon lalo na sa IPRA na s'yang gumagabay sa ating mga Katutubo.

Kayo po ay nandito para pag-usapan kung anu-ano ang mga nangyayari sa inyong mga tribal communities at alam natin na iba't iba ang nangyayari dito. Maraming problema ang nakakarating sa amin dahil sa encroachment sa inyong ancestral domain. May mga ginagawa naman na po para magkaroon ng delineation para sa inyong mga ancestral domain.

Maganda po na ipakita ninyo na kayo ay may pag-aaral at edukasyon para sa ikauunlad ng inyong tribal communities. Kami pos a Sangguniang Bayan ay handing sumuporta sa mga panukalang batas at hakbangin sa mga concerns ninyo. Naaprubahan na po ang mga budget ng Panlungsod kahapon at kasama rito ang mga para sa inyong mga Katutubo. Pag-usapan na lamang po ninyo kay Gg. Saavedra para alam ninyo kung saan n'yo ito dapat gastusin. May mga espesyal na programa rin para sa mga Katutubo.

Wala naman po akong espesyal na sasabihin, gusto ko lamang po kayong makita dahil hindi ko po kayo nakita sa matagal na panahon. Manalangin po tayo na manatili ang kapayapaan at pag-ibig dito sa ating lungsod sa mga darating na panahon

Salamat po. Mabuhay ang ating mga Katutubo.

NATRIPAL's BALIK-TANAW: PLANNING RESULT (2015-to-2020)



Years ago, NATRIPAL was able to gather the result of their Planning Workshop. The result was then scrutinized with the help of SWOT Analysis Tool.

Strength and Opportunities

- Income Generation – thru livelihood
- Strengthen the local and national federation – *stand up, fight*
- Partnership
- Strengthen relationship with the IPMRs
- The organization is a federation and it is growing bigger, however it slowly divided and losing members

Weakness and Threat

- Weaker local organization – *weak in implementation of the local laws*
- Business requirements – *permit, benefits, taxes, etc. perform our duties and responsibilities to abide*

Weakness and Opportunity

- Funds
- CADT delineation

Other Concerns:

- Additional member for Board of Trustees – *resolved*
- Whole District of Palawan to have common language – *vision*
- Strengthen the Federation of NATRIPAL and IP culture – *goal*
- Concern for the environment, women, and youth – *goal*
- Who is NATRIPAL, political or non-political organization? – *unresolved issue*
- Bigger chunk of projects and attention was given to North and Central areas – *lacking from the South*

PLAN AHEAD

- Strengthen IPOs, local groups and the whole federation – *for the protection of IP rights and ancestral domain*
- Proper use of the rich natural resources
- IPRA and FPIC Orientation to fifteen (15) local members: 5 from North, 5 from South and 5 from Central

- Orientation on DENR requirements and 705 (Forest Law) – targeted nine (9) *areas in the North*
- Policies of each group members – *no updates from the local, updating of laws to local members*
- IP Reforestation – NGP project
- Resolve CADT issues – *delineation process, application, submission of requirements, etc.*
- Continuous gathering of information, organizing and partnership with different agencies and other groups
- Visit and Courtesy calls
- Sustainable livelihood e.g. coco strips, honey, almaciga, rattan, indigo, banana
- Help the local organizations to register and to create pertinent document regarding the group
- Project Proposals for funds
- To help and create a guide in choosing the IPMRs in Barangay level
- Collection of contributions and donations among the members – *payback time for those who has already sustainable income/earnings to NATRIPAL*

PRIORITIES:

- List down the local associations and areas
- Create a business plan with clear marketing strategy
- Product-development Training,
- Outsourcing and collection of materials
- **Pangarap:** “Mai-angat ang kita ng mga lokal na samahan, kita ng bawat mamamayan at ng NATRIPAL.

OPEN FORUM

- Papaano papalakasin ang mga IPOs na hindi na active?
- Ano ang use ng General Assembly kung sa lokal ay walang nangyayari?
- Palagiang bisitahin ang mga lugar ng mga lokal na samahan at alamin ang mga problema.
- Matagal na tayo sa samahan at alam na dapat natin ang ating mga karapatan, sa mga namumuno dapat ay naibahagi na rin ninyo ito sa mga miyembro ninyo.
- Sa mga lider ay mayroong sakripisyo, sa ating mga lokal na lebel magka-isa na lamang at makipag-tulungan.
- Assess the previous plans and check if it can still be achievable within two (2) years

2018 WORKSHOP – NATRIPAL MOVING FORWARD (RESULT)



Central Group – Work Plan Rapporteur: Ms. Angeline Lunisa



Alin sa mga Gawain o gagawin pa lang sa inyong local na samahan	Anu-ano ang mga nakatulong o naging sagabal sa pag-implementa ng gawain	Nais ng mga gawain sa loob ng 2 taon at tukuyin ang prayoridad	Papano gagawin
Pagkakaraoon ng permit sa rattan (Brgy. Napsan – 3 lokal groups)	Karagdagang kabuhayan sa miyembro ng samahan	Patuloy na pangunguha ng mga rattan sa lugar	Renewal ng permit
CADC – Satrika, Kayasan	Problema sa pag-renew, madaming screening at dumadaan sa PAM-B	Paghiling sa PAM-B na bawasan ang mga requirements sa pag-kuha ng permit	Pag-gawa ng project proposal para sa pagkuha ng permit
- CADT – Saktas - Application para sa	Hindi pa tapos ang ADSDPP	- Matapos at maipasa ang	- Patuloy na pagkakaisa at

Central Group – Work Plan
Rapporteur: Ms. Angeline Lunisa



Alin sa mga Gawain o gagawin pa lang sa inyong local na samahan	Anu-ano ang mga nakatulong o naging sagabal sa pag-implementa ng gawain	Nais ng mga gawain sa loob ng 2 taon at tukuyin ang prayoridad	Papano gagawin
NTD, SKD, SPKT, Calandanan (Natriti)	Mabagal na pag-validate ng NCIP	ADSDPP this year at mag-adopt sa LGU - Aksyon ng NCIP para sa validation	pagtutulungan ng miyembro ng samahan - i-submit ang copy ng ADSDPP sa Sangguian at umatend sa session ang mga official ng samahan katuwang ng IPMR
- Tribal Hall - Sariling Lupa - Salakot Falls	Karagdagang kabuhayan, maayos na pinagpupulungan ng miyembro	- Mas (mapa-improve) mapa-unlad - Salakot falls at lalong mapalakas ang samahan	Paghingi ng tulong sa NCIP katuwang ang NATRIPAL
KAMAKA – CALC Livelihood	Hindi lehitimong Katutubo officialang (miyembro)	Re-org, pagsusog sa by-laws	Pagpapatawag ng assembliya katuwang ang NATRIPAL at NCIP
Livelihood Center	Pagtangkilik ng community	Pag-uusap at plano ng komunidad sa Aborlan	Pagpupulong
GAGAWIN PA LANG			
Paparehistro ng bawat samahan sa SEC, DOLE, COA at kung rehistrado na ang pagre-renew	Kakulangan ng pondo	Makapag-parehistro at makapag-renew	Paghingi ng tulong sa ahensya na pwedeng makatulong at pagtutulong ng official at miyembro ng samahan
Pagkakaroon ng ADSDPP	Mabagal na pagproseso	Pagkakaroon ng ADSDPP at	Pagkakaisa ng mga komunidad

Central Group – Work Plan
Rapporteur: Ms. Angeline Lunisa



Alin sa mga Gawain o gagawin pa lang sa inyong local na samahan	Anu-ano ang mga nakatulong o naging sagabal sa pag-implementa ng gawain	Nais ng mga gawain sa loob ng 2 taon at tukuyin ang prayoridad	Papano gagawin
- Maayon - San Rafael to Langogan		mai-implementa ito	
Tribal Hall - Simpokan - STBSI - Labtay - Isalib - PKB	Kakulangan sa pondo	Pag-gawa ng request sa local na komunidad, pag-punta sa brgy. upang gawin na itong reso ng brgy. at maipasa sa Provincial Govt.	

Notes:

- Ang mga Katutubong nasa Barangay ay dapat katuwang ng mga kapwa Katutubo. Ipa-alam ang mga proseso sa mga kapwa Katutubo.
